

ANG

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS  
PINAPATNUBAYAN NG  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

# Bayan

Tomo XXIX Bilang 3

Edisyong Pilipino

Mayo-Hunyo 1999

## EDITORIAL

**Pagkaisahin ang mamamayan, labanan at gapiin ang pasistang kampanya ng rehimeng Estrada!**

**P**ara sa Partido, ang pagwawakas ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at ng gubyernong Estrada ay nagdidiin lamang sa kawastuan ng pagsusulong ng mga rebolusyonaryong pakikibaka upang ipagtanggol at isulong ang interes ng aping mamamayang Pilipino.

Ang rehimeng Estrada ay hindi interesado sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Pinatutunayan ito hindi lamang ng pagwawakas nito sa negosasyong pangkapayapaan mula pa noong Oktubre 1998, ngunit higit sa lahat, ng tuluy-tuloy na pagyurak nito sa pambansa at demokratikong interes ng mamamayang Pilipino – ng sagad-sagarang pagpapakapapet nito sa imperyalismong US at paglaban sa kapakanan ng mga manggagawa at magsasaka.

Hindi na kayang gamitin ng ►

**Desisyon na pormal na kilanlin ang *de facto* nang terminasyon ng gubyernong Estrada sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP**

**Komite Sentral  
Partido Komunista ng Pilipinas**

**Pambansang Konseho  
Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas (NDFP)**

**P**ormal naming kinikilala sa pamamagitan ng desisyong ito ang katotohanang winakasan na ng gubyernong Estrada ang negosasyong pangkapayapaan sa pamamagitan ng sumusunod na sinadyang mga akto:

1. Walang pakundangang paglabag sa Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague ng Setyembre 1, 1992
  - 1.1 nang ipinilit ng gubyernong Estrada bilang paunang kundisyon sa pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan ang pagsuko ng NDFP sa GRP sa pamamagitan ng pagpapataw ng konstitusyon ng GRP sa NDFP, at ang pagkriminalisa nito sa sarili at pagpapailalim ng NDFP sa sistemang ligal at hudisyal ng GRP, at
  - 1.2 nang ipinagkanulo at pinagtaksilan ng gubyernong Estrada ang pambansang kasarinlan sa pamamagitan ng pagpapatibay sa Visiting Forces Agreement.
2. Walang pakundangang paglabag sa Pinagsamang Kasunduan ►

**84 na armas, nasamsam sa reyd ng BHB sa Bohol** *pahina 3*

#### ◀ Pagkaisahin...

gubyernong Estrada bilang palamuti ang negosasyong pangkapayapaan upang itago ang pasistang pangil nito. Dahil sa desperasyong igpawan ang papalubha pang krisis ng naghaharing sistema at hadlangan ang pagsidhi ng mga armado at di armadong paglaban ng mamamayan, ibayong pinaigting ng rehimeng Estrada ang walang-habas na pasistang kampanya.

Ang sitwasyong ibinubunga nito'y nagbubukas ng pagkakataon upang lalong ihiwalay at labanan ang rehimeng Estrada. Binibigyang-diin nito ang pangangailangang maglunsad ang hukbong bayan ng paparaming mga taktikal na opensiba sa batayan ng tuluy-tuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa upang magtipon ng lakas at unti-unting gapiin ang kaaway. Samantala, kinakailangang buuin ang malawak na alyansang anti-pasista ng mga aping uri at progresibong sektor upang labanan at biguin ang pasistang pananalakay sa kalunsuran, ipagtanggol ang ligal na larangan ng pakikibaka ng mamamayan at ilantad at labanan ang anti-mamamayan at makadayuhang gubyernong Estrada.

Layunin ng pasistang kampanya ng gubyernong Estrada na supilin, takutin at salantain ang mamamayan. Ngunit ang mismong todo-todong pasismong ito ang magtutulak sa malawak na mamamayang Pilipino na buong-tapang na labanan at gapiin ang reaksiyong rehimen. **AB**

#### **NILALAMAN**

Pagkaisahin ang mamamayan.....	1
Desisyon ng terminasyon.....	1
Reyd sa Bohol.....	3
Dalawang pahayag.....	5
Pagdakup kay Ladlad.....	6
Isang taon pang paghihirap.....	7
Away sa PNP.....	11
Laban ng maralitang-lunsod.....	13
Kalayaan para sa Timores.....	17
Mula sa Cagayan-Apayao/Silangang Kabisayaan.....	20
Hinggil sa VFA.....	23
Balita.....	24

#### **PANAWAGAN**

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaring ilathala sa ating pahayagan.

#### ◀ Desisyon...

sa mga Garantiya sa Kaligtasan at Imunidad (Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees o JASIG) ng Pebrero 24, 1995

2.1 nang tahasang ipinakita ng gubyernong Estrada ang natural na hilig nitong traydurin ang NDFP sa pamamagitan ng naunang “pagsuspindi” sa mga garantiya sa kaligtasan at imunidad ng mga tauhan ng NDFP na sangkot sa negosasyong pangkapayapaan, nang mayroon lamang 24 na oras na paunang pasabi, at sadyang paglalagay sa buhay at kalayaan ng mga nabanggit na tauhan ng NDFP sa malubhang panganib, sa maling batayan na ang JASIG ay isang makaisang-panig na dokumentong nagbibigay ng pabor mula sa GRP para sa NDFP sa halip na isang kasunduang bilateral ng magkatugong mga karapatan at obligasyon na tuwirang gumagalang sa mga prinsipyo ng pagkakapantay, mutwalidad at tumbasang pakinabang, at sa rebolusyonaryong integridad ng NDFP

2.2 nang ipinataw ng gubyernong Estrada bilang paunang kundisyon para sa pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan na dapat idaos sa Maynila ang pormal na mga pulong ng mga *panel* sa negosasyon ng GRP at NDFP sa ilalim ng pagmamanman ng GRP at sa banta ng mga aksyong pamparusa, na labag sa tuwiran at may-bisang kasunduan ng dalawang panig sa Artikulo III, Seksyon 6 ng JASIG na idaraos ang pormal na usapan sa isang nyutral na lugar sa ibayong dagat, at

2.3 nang ipinailalim ng GRP sa pangkalahatan, at ng gubyernong Estrada sa partikular, ang mga tagapayo ng NDFP at ibang mga tauhan ng NDFP sa negosasyong pangkapayapaan sa pagmamanman, paghahalughog at pag-aarestong labag sa batas, detensyon, interogasyon at iba pang mga aksyong pamparusa, sa kabila ng tuwirang mga garantiya sa JASIG.

3. Labag sa Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas (CARHRIHL) ng GRP at NDFP, ang buong layang pagsagawa at patuloy na pagsasagawa ng GRP ng malulubhang paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, na kinabibilangan ng sumusunod:

3.1 Pagtortyur at pagmasaker ng mga pwersa ng pulisya at paramilitar nito sa mga bihag at sibilyang


*sundan sa pahina 4*

## 84 na armas, nasamsam ng BHB

Walumpu't apat na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang salakayin nito ang punong himpilan ng 7<sup>th</sup> Regional Mobile Group-Combat Support Company sa Barangay Rizal, Batuan, Bohol. Ito ang pinakamalaking bilang ng armas na nasamsam ng BHB sa isang taktikal na opensiba mula nang inilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992.

Ang walang-putok na reyd ay inilunsad noong umaga ng Hunyo 11. Ang taktikal na opensiba ay isinagawa ng mga Pulang mandirigma sa pamumuno ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB sa Gitnang Kabisayaan

Ang 7<sup>th</sup> Regional Mobile Police ang pangunahing yunit ng PNP na naglulunsad ng mga kampanya ng panunupil laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Kabisayaan at responsable sa maraming paglabag sa karapatang-tao. Ayon sa pahayag ng BHB, ang reyd ay tugon nito sa malaon nang kahilingan ng mamamayan ng Barangay Rizal na parusahan ang abusadong yunit ng pulisya.



MGA KARAGDAGANG ARMAS AT GAMIT NG BHB

Dami	Nasamsam	Dami	Nasamsam
55	M16 at M14	52	bala ng mortar
3	tatlong M203	50+	bala ng M-203
1	light machinegun	20+	granada
1	60mm mortar	20+	rifle grenade
1	shotgun	50+	military pack
18	pistulang awtomatik	50+	vest
5	rebolber	100+	uniporme
12,000+	bala ng M16 at M14	at marami pang iba	

mula sa ulat ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB-Gitnang Kabisayaan

Ang matagumpay na taktikal na opensiba ay bunga ng masinop na pagsisiyasat at pagpapalano, bagay na maisasagawa lamang sa batayan ng tinatamasang malalim at malawak na suporta ng Bagong Hukbong Bayan mula sa mamamayan sa lokalidad.

Sa proseso ng pagsisiyasat, napag-alamang nakapwesto ang mga tropa ng kaaway sa bandang itaas at ibaba ng bundok. Natukoy na hindi angkop ang taktikang putok at maniobra. Ipinasyang magsagawa ng *commando raid* sa pamamagitan ng panlalansi at gumamit ng superyor na pwersa.

Mapangahas na isinakatuparan ang taktikal na opensiba.

Dumating sa detatsment ganap na 6:56 n.u. ang higit sa 100 mga Pulang mandirigma lulan ng mga *van* at nagpanggap na mga tropa ng PNP na may dalang bihag na gerilya. Dahil dito, nakapasok sa loob ng kampo ang mga Pulang mandirigma. Huli na nang matuklasan ng mga pulis ang panlalansi. Dala ng pagkabigla, hindi na nakalaban ni isa sa 36 na elemento ng PNP na nasa kampo.

Tumagal hanggang 9:00 n.u. ang taktikal na opensiba. Bago umatras ang mga Pulang mandirigma, nakapaglunsad sila ng pulong masa, napropagandahan ang mga tropa ng pulisya sa detatsment, at nakapamudmod ng mga polyetong nagpapaliwanag sa batayang pampulitika ng ginanap na reyd. Dalawang pulis na bihag ang agad ding pinakawalan pagkatapos ng masinsinang pakikipag-usap sa kanila.

Ang matagumpay na taktikal na opensiba ay patunay ng kawastuan ng isa sa mga batayang prinsipyong itinataguyod ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto—na hakbang-hakbang na susulong ang armadong pakikibaka batay sa masikhay na pagpapalawak at pagpapalalim ng baseng masa.

Maging ang mga napahiyang upisyal ng pulisya ay walang nagawa kundi aminin na hindi mailulunsad ang naturang reyd nang walang kooperasyon mula sa mga mamamayan ng Batuan. Dahil sa matinding kahihiyan, ►

#### ◀ mula sa pahina 2

pinagsususpetsahang tauhan, kapanalig at tagasuporta ng NDFP,

3.2 Patuloy nitong pagkukulong, pagsasakdal at pagkakait ng karapatang magpyansa at makatarungang proseso sa mahigit sa 140 na bilanggong pulitikal batay sa gawa-gawang habla ng karaniwang mga krimen, na labag sa sarili nitong doktrinang Hernandez na dapat lamang isakdal ang mga rebolusyonaryo sa mga salang pampulitika,

3.3 Pakikipagsabwatan nito sa pamilyang Marcos at huwad na mga tagapagtaguyod at abugado ng karapatang-tao para subain ang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Marcos sa pamamagitan ng palsong pangako ng indemnipikasyon para pawalang-sala ang mga Marcos sa mga paglabag sa karapatang-tao at pandarambong ng yaman at patrimonya ng bansa, at tiwaling paghatian ang nakaw na yaman ng mga Marcos,

3.4 Pagtanging gumawa ng mga hakbang upang ipawalambisa ang mga mapanupil na dekreto at batas na kumikitil sa saligang kalayaang sibil at pampulitika, at patuloy na paggamit at pagpapatupad sa mga ito,

3.5 Pagtangi nitong wakasan ang mga patakaran, kampanya, programa at proyekto na nagdudulot ng malawakang paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas na bumibiktima sa populasyong sibilyan at buu-buong mga komunidad, laluna sa kanayunan,

3.6 Sadyang pagtanging magtalaga ng mga kinatawan nito at maghirang ng mga tagamasid sa Pinagsamang Komite sa Pagmomonitor, at

3.7 Pagtangi nitong pag-usapan ang ilang mga akto ng digma katulad ng pagpapalaya sa mga nabihag o inaresto ng BHB sa kabila ng alok ng NDFP para sa negosasyong bilateral at naunang mga karanasan na ang pinag-usapang pagpapalaya ay subok na mga hakbang ng kabutihang loob at sa pagbubuo ng pagtitiwalaan na nakakatulong sa proseso ng negosasyong pangkapayapaan.

◀ kinabukasan ay tinanggal ng kumand ng PNP sa Gitnang Kabisayaan ang hepe ng detasment na si Insp. Richard Caballero sampu ng buong Combat Support Company.

Ang matagumpay na reyd sa Batuan ay mariing sampal sa rehimeng Estrada na todo ang pananakot at mga pagbabanta ng kontra-rebolusyonaryong karahasan laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. AB

4. Labag sa Pinagsamang Kasunduan sa Pagbubuo, Pagkakasunud-sunod at Operasyunalisasyon ng mga Magkatugong Komiteng Gumagawa ng Hunyo 26, 1995 at Supplemental na Kasunduan nito na may petsang Marso 18, 1997 ay

4.1 matigas na pumosisyon ang gubyernong Estrada na walang bisa at hindi napapailalim ang GRP sa CARHRIHL kung hindi susuko ang NDFP sa GRP; at sa kabila ng walang pasubaling pagpapatibay ng nabanggit na Kasunduan para sa kagyat at magkakahiwalay na implementasyon kapwa ng GRP at NDFP, alinsunod sa Artikulo 5 Bahagi VI nito, at

4.2 sa pamamagitan ng tatak nitong pagiging mapagmataas at lantarang pananakot, nag-abiso ng ultimatum ang gubyernong Estrada sa NDFP na tapusin ang buong negosasyong pangkapayapaan bago magtapos ang 1999.

Sa pamamagitan ng pormal na pagkilala sa katotohanang winakasan na ng gubyernong Estrada ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP, pinagpapasyahan naming ipaabot sa gubyernong Estrada na dapat nitong pormal na ipahayag ang gayong terminasyon o di kaya'y pormal na ideklara na patuloy na may bisa para sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas ang lahat ng umiiral na kasunduang bilateral sa pagitan ng GRP at NDFP at gawin ang lahat ng kinakailangang hakbang upang iwasto ang patuloy na paglabag ng GRP sa mga nabanggit na Kasunduan.

Ituturing namin bilang pinal na kumpirmasyon ng gubyernong Estrada sa terminasyon ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP ang pagpapatuloy ng nabanggit na mga paglabag, o ang pagkabigo ng GRP na iwasto ang gayong mga paglabag sa mga kasunduang bilateral o ang kawalang-aksyon ng GRP kahit walang anumang pormal na pahayag ng terminasyon.

Hindi papasok ang NDFP sa negosasyong pangkapayapaan sa gubyernong Estrada hangga't hindi nito rerespetuhin at ipatutupad ang umiiral at may-bisang mga kasunduang bilateral, at hindi iwinawasto ang patuloy na mga paglabag sa mga ito.

Dapat patnubayan ng kasalukuyang desisyon ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Dapat silang maging mapagmatyag at militante laban sa malulupit na atake at taktikang *psy-war* ng kaaway, at dapat nilang paigtingin ang digmang bayan para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya.

Pinagtibay sa teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan, Pilipinas, Mayo 29, 1999. AB

# Mga Pahayag

ni Kasamang Luis Jalandoni  
Kasapi, Pambansang Komiteng  
Tagapagpaganap ng NDFP  
Tagapangulo, NDFP *Negotiating Panel*

## **SA PAGBUBUKAS NG PRESS CONFERENCE NG PANEL SA NEGOSASYON NG NDFP**

*30 Mayo 1999*

**I**nilabas ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Pambasang Konseho ng National Democratic Front of the Philippines (Pambasang Demokratikong Prente ng Pilipinas o NDFP) ang desisyon na pormal na kilalanin ang katotohanang winakasan na ng gubyernong Estrada ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP.

Tahasang nilabag ng gubyernong Estrada ang Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague ng Setyembre 1, 1992. Ipinagkanulo at pinagtaksilan nito ang pambansang kasarinlan sa pagpapatibay nito sa Visiting Forces Agreement (VFA).

Isang kabalintunaan na habang ipinagdiriwang natin ang sentenaryo ng rebolusyonaryong paglaban ng mamamayang Pilipino sa digmang pananalakay ng US mula 1899, ang gubyernong Estrada ay nagpakatuta nang husto upang pahigpitin ang pangmilitar at pangpulitikang kontrol ng US sa Pilipinas.

Ang VFA ay nagbibigay-laya sa mga pwersang militar ng US na sakupin ang buo o anumang bahagi ng bansa gaano man katagal, buong-lupit na magsagawa ng mga krimen laban sa mamamayan at magpasok ng mga sandatang nukleyar at panghenosidyo. Naggagawad ang VFA ng mga pribilehiyong ekstra-teritoryal sa mga pwersang militar ng US upang buong laya itong makapanghimasok sa mga usaping panloob ng bansa at salakayin ang mamamayang Pilipino at iba pang mamamayan.

Ang pagpapatibay ng VFA ay isang hinding-hindi na maaatim na pagpapalala ng lahat ng naunang paglabag ng gubyernong Estrada sa mga kasunduang bilateral ng GRP-NDFP. Ito'y isang tahasang ►

## **NDFP, TINANGGAP ANG PABATID NG PAGWAWAKAS MULA SA GRP**

*Hunyo 2, 1999*

**S**a pamamagitan ng *negotiating panel* nito, tinanggap ng National Democratic Front of the Philippines (Pambasang Demokratikong Prente ng Pilipinas o NDFP) ang *fax transmission* kahapon, Hunyo 1, 1999, mula sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa pamamagitan ni Exec. Sec. Ronaldo Zamora, ang pormal na pabatid ng pagwawakas, tulad ng isinasaad sa Talata 5, Bahagi III ng Pinagsamang Kasunduan sa mga Garantiya sa Kaligtasan at Imunidad (o JASIG).

Matapos ang 30 araw mula kahapon, tinatapos ng pabatid ng pagwawakas na ito ang buong negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP kasabay ng mga garantiyang pangkaligtasan at imunidad ng mga personahe sa negosasyon kapwa ng GRP at NDFP. Angkop lamang na may ganitong pabatid ng pagwawakas dahil, sa katunayan, tinapos na ng GRP ang negosasyong pangkapayapaan mula pa noong Oktubre 1998.

Naging mas matapat sana ang GRP kung ipinadala nito sa amin itong pabatid ng pagwawakas noong Oktubre 1998 nang magpunta sa The Netherlands ang pangkat ni Sen. Franklin Drilon upang igiit ang pagsuko ng NDFP bilang paunang kundisyon sa pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP, bagay na tahasang lumalabag sa Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague.

Nais naming tukuyin na isinasaad sa Talata 1, Bahagi II ng JASIG na: "Lahat ng imunidad na natamo sa pamamagitan ng Pinagsamang Kasunduang ito (JASIG) ay mananatili nang buo at may bisa kahit pagkatapos ng wakas ng Pinagsamang Kasunduang ito." Binibigyan namin ng makatwirang babala ang mga personahe ng GRP sa negosasyon na mawawala rin ang kanilang mga garantiyang pangkaligtasan tulad ng sa mga personahe ng NDFP sa negosasyon at dapat silang umiwas sa pagsasagawa ng anumang krimen na maaaring maging dahilan para iharap sila sa hukumang bayan. Binabatikos namin ang pakana ng GRP na panatilihin ang *panel* pang-negosasyon ng GRP bilang instrumento ng digmang sikolohikal upang magsagawa ng mga huwad na negosasyon sa mga taksil na nagseserbisyo na sa GRP at mga walang-saysay na paglapit sa mga lokal at panrehiyong lider ng rebolusyonaryong kilusan.

Inaasahan ng rebolusyonaryong kilusan na paiigtingin ng GRP ang mga kampanyang panunupil ng militar at pulis laban sa mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa sa paraang mas mabilis kaysa sa anumang ►



paglabag sa prinsipyo ng pambansang kasarinlan, na siyang nangungunang prinsipyong gumagabay sa negosasyong pangkapayapaan ng GRP-NDFP tulad ng taimtim na isinasaad sa Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague.

Gayundin, tahasang nilabag ng gubyernong Estrada ang Pinagsamang Kasunduan sa mga Garantiya sa Kaligtasan at Imunidad ng 1995, ang Pinagsamang Kasunduan sa Pagbubuo, Pagkakasunud-sunod at Pagpapatakbo ng mga Tumbasang Komiteng Gumagawa at ang Supplemental na Kasunduan nito noong 1997.

Tinutukoy ng desisyon ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Pambansang Konseho ng NDFP ang malulubhang paglabag ng gubyernong Estrada sa mga kasunduang bilateral.

Ang NDFP ay hindi maglulunsad ng negosasyong pangkapayapaan sa gubyernong Estrada maliban na lamang kung gumalang at tumalima ang gubyernong ito sa mga umiiral na kasunduang bilateral at magwasto ito sa mga paglabag nito rito. **AB**

◀ panahon sa nakaraan. Kung gayon, makatarungan at kinakailangang agawin ng Bagong Hukbong Bayan ang inisyatiba sa pagtatanggol ng mamamayan at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Alinsunod sa mga direktiba ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, mapaiigting ng hukbong bayan ang digmang bayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa 81 mga larangang gerilya upang ipagtanggol ang mamamayan, sumamsam ng mga armas at bigwasan ang kaaway. Napakainam ng kundisyon para sa pagsusulong ng digmang bayan dahil sa lumalalang krisis sa ekonomya at pulitika ng lokal na naghaharing sistema at ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista na naglulublob sa daigdig sa malawakang kaguluhang panlipunan at digmaan.

Malaon nang natamo ng mga rebolusyonaryong pwersa ang katayuan ng isang pwersang nakikidigma (*status of belligerency*) sa pamamagitan ng pagsusulong ng digmang bayan at hindi dahil sa negosasyong pangkapayapaan. Ipagpapatuloy ng NDFP ang gawaing diplomatiko nito upang mas lumawak pa ang internasyunal na pagkilala sa *status of belligerency* na ito, at nang walang pangangailangang isagawa ang negosasyong pangkapayapaan sa GRP. **AB**

## Patraydor na pag-aresto kay Vicente Ladlad, kinundena ng PKP

**K**inukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang patraydor na pag-aresto ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) kay Vicente Ladlad, isa sa mga pinuno ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), Karapatan at Samahan ng mga Ex-Detainee Laban sa Detensyon at para sa Amnestiya (Selda) at *consultant* ng NDFP sa usapang pangkapayapaan.

Ang pag-aresto ng militar kay Ladlad ay patunay ng walang pakundangang paglabag ng rehimeng Estrada sa mga pinirmahang kasunduan at pakikipaglaban nito nang walang mga tuntunin. Labag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees na pinirmahan kapwa ng NDF at GRP ang pagdakip kay Ladlad. Nanggagalaiti ang rehimeng Estrada sa sunud-sunod na matatagumpay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan, subalit isang lider ng ligal na demokratikong kilusan naman ang tinarget nito.

Si Ladlad ay marahas na dinukot ng mga elemento ng ISAFP sa Lunsod ng Quezon noong Hunyo 21. Dinakip siya ng ISAFP nang wala man lamang mandamyento de aresto pagkagaling niya sa isang pulong ng Bayan. Apat na araw siyang ibinartolina ng militar, tinortyur at pinagkaitan ng karapatang makipagkita kaninuman. Gaya ng ginagawa nito sa iba pang dinadakip na lider at kasapi ng progresibong kilusan, sinampahan ng militar si Ladlad ng mga gawa-gawang kasong kriminal batay sa mga ebidensyang pawang itinanim. Tinamnan siya ng baril at mga dokumento at biglang binuhay ang isang lumang kasong kriminal laban sa kanya na ibinasura na ng husgado noon pang 1991.

Sa kabila ng paglagak ni Ladlad ng piyansa noong Hunyo 25 para sa kasong ilegal na pag-iingat ng baril, hindi iginalang ng ISAFP ang kautusan ng korte. Mayroon pa umanong ibang kasong dapat siyang harapin. Napilitan ang militar na pakawalan si Ladlad nitong Hunyo 30 dahil sa malawak na pagbatikos ng mamamayan sa kanyang pagkaaresto at nang mapatunayan ng kanyang mga abugado sa hukuman na ilegal ang patuloy na paghawak ng militar sa kanya.

Nagbanta si Estrada, Kalihim sa Depensa Orlando Mercado at mga upisyal militar na isa-isa nilang aarestuhin ang mga *consultant* ng NDF ngayong natigil na ang usapang pangkapayapaan. Ginagamit ng reaksyunaryong rehimen ang terminasyon ng usapan hindi lamang upang makapaglunsad ng todo-todong opensibang militar sa kanayunan kundi upang marahas din na sikilil ang mga ligal na demokratikong pwersa sa kalunsuran.

Ang lahat ng ito ay patunay na pasismo ang kakambal ng sagadsaring reaksyunaryo, papet, antimasa at bulok-sa-kaibuturang mga patakaran ng rehimeng Estrada. Dahil dito, walang ibang mapagpipilian ang sambayanan kundi ang patatagin ang kanilang hanay laban sa pagsasamantala, pang-aapi, pandarahas, panunupil at pagtatraydor ng rehimeng US-Estrada. Paiigtingin ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ang pakikipaglaban hanggang sa ganap na tagumpay. **AB**

## Isa pang taong krisis at paghihirap...

*Sa loob ng isang taon, mabilis na nalantad ang kahungkagan ng islogang “Erap para sa Mahirap”. Sa halip na pag-ahon mula sa kahirapan, sagad-sagarang pagpapahirap sa mamamayan ang dala ng gubyernong Estrada. Pinatutunayan ni Estrada na siya’y matapat na utusan ng imperyalismo at ng mga lokal na mapagsamantalang uri. Ang lalong mas malalim na paghihirap at matinding pang-aapi sa mga manggagawa at magsasaka ang pinakamatalas na naglalarawan ng tunay na kalagayan ng bansa. Hindi ito mapasusubalian ng mga dinuduktor na estadistika at mga mapanghambog na pahayag na nangangako ng maaliwalas na kinabukasan para sa Pilipinas.*



## Paghuhubad sa “lumalagong” estadistika ng guberno

**L**umago umano ang Gross National Product (GNP) nang 2% at ang Gross Domestic Product (GDP)\* nang 1.2% sa unang tatlong buwan ng 1999. Sa inilabas na ulat ng National Statistical Coordination Board (NSCB) nitong Mayo, nagpipinta ang gubyernong Estrada ng magandang larawan ng ekonomya. Anito, ipinapahiwatig ng mga “paglagong” ito ang “maaliwalas” na kinabukasan ng ekonomya ng Pilipinas at ang katapusan ng krisis na nagsimula noong kalagitnaan ng 1997.

Ngunit kung mas masinop na pag-aaralan ang mismong mga datos ng NSCB, makikitang tahasang nagsisinungaling ang guberno tungkol sa tunay na kalagayan ng ekonomya. Pinagtataktan ang katunaya’y nagpapatuloy na krisis na kinatatampukan ng lahatang-panig na pagbagsak ng produksyon at antas ng kabuhayan ng mamamayan.

Ang tinukoy na pinakamalaking salik sa likod ng “paglagong” ito ay ang “muling pagbangon” ng sektor ng agrikultura na nagrehistro raw ng 2.5% pag-unlad. Ngunit hindi binabanggit na ang pinagsisimulan ng “pag-unlad” na ito ay ang mahigit 6.5% pagbagsak ng sektor ng agrikultura mula 1997 hanggang 1998. Katunayan, kung kukwentahin sa aktwal na dami ng

produksyon, mas mababa pa rin nang 1.5% ang produksyong agrikultural sa unang kwarto ng 1999 kumpara sa unang kwarto ng 1997. Kinakaligtaan nitong sabihin na ang programa ni Estrada sa seguridad sa pagkain ay nakatali sa importasyon ng palay at iba pang produktong agrikultural.

Tinukoy ding salik sa “paglago” ng ekonomya ang paglaki ng halaga ng ipinasok na dolyar ng mga migranteng manggagawang Pilipino. Sa unang kwarto ng 1999 ay P48.4 bilyon ang kanilang kabuuang ipinasok; mas malaki ito nang 11.5% kaysa sa noong unang kwarto ng 1998. Sadyang katawa-tawa ang paggamit dito bilang batayan ng “paglago”. Habang totoo na ang ipinapasok na dolyar ng mga migranteng manggagawa ay nakatutulong upang mapaganda ang pagkukwenta ng guberno, wala itong katumbas na dagdag sa lokal na produksyon. Katunayan, ang paglaki ng mga remitans ay indikasyon ng ibayong pagkalugmok sa krisis ng lokal na ekonomya ng Pilipinas. Pinatutunayan lamang nito ang pagbagsak ng produksyon at

*\*Ang GDP ay sumusukat sa kabuuang taunang halaga ng mga produktong nilikha at serbisyong iginawad sa loob ng bansa; upang kwentahin ang GNP, idinadagdag dito ang mga remitans ng mga migranteng manggagawa pati na ang pondong nagmumula sa mga dayuhang bangko at institusyon sa pinansya. Karaniwang ginagamit ang mga datos na ito, laluna ang GNP, upang pagtakpan ang saligang agraryo, atrasado at di industriyalisadong katangian ng ekonomya ng Pilipinas.*

kakulangan ng oportunidad upang makapaghanapbuhay.

Ang totoo, ayon sa Board of Investments, ay dumaos nang 71% ang inirehistrong bagong pamumuhunan sa unang tatlong buwan ng 1999 kumpara sa unang kwarto ng nakaraang taon. Sa panahon ding ito, kumitid nang 1.9% ang lokal na produksyong industriyal, ayon sa NSCB, na sinasalaming pagbagsak nang 14.4% ng pamumuhunan sa matitibay na kagamitan o makinarya.

Ang pagbagsak ng lokal na produksyong industriyal ay sinasalaming din ng pag-impis ng panlabas na kalakalan (*foreign trade*) ng Pilipinas. Iniulat ng National Statistics Office na mula Hulyo 1998 hanggang Marso 1999 ay nagtala ng positibong balanse ang Pilipinas sa kalakalang panlabas at tinatayang magrehistro ng \$733 milyong sarplus sa kalakalan sa taong ito. Gayunpaman, hindi ito indikasyon ng pagsigla ng lokal na produksyon at pag-eksport ng lokal na yaring kalakal.

Katunayan, resulta lamang ito ng pagbagsak nang 21% ng importasyon kabilang na ang pagbagsak nang 26.3% ng inaangkat na mga kagamitang pangtelekomunikasyon at 13.1% naman ng mga makinaryang pang-industriya. Wala itong ibang isinasaad kundi ang pagbagsak ng produksyong nakasalig sa mga inaangkat na kagamitan at materyales. Kasabay ng pagliit ng importasyon ay ang pagliit ng eksport na karaniwan ay 90% nakaasa sa mga imported na kagamitan at materyales. Ang pag-eksport ng Pilipinas ng mga *semiconductor*, ang numero uno nitong produktong iniluluwas, ay bumagsak nang 4.5% sa unang kwarto ng 1999.

Inaamin din ng mga ulat ng NEDA na nakakaahon na lamang ang ekonomya ng Pilipinas bunga ng todo-todong paggastos ng gubyerno upang mag-udyok ng aktibidad sa ekonomya at lumikha ng empleyo. Ngunit, nagbubunga ito ng ibayong paglaki ng depisito sa badyet ng gubyerno. Noong nakaraang taon, umabot sa mahigit P45 bilyon ang depisito ng gubyerno. Nitong unang tatlong buwan pa lamang ng 1999, umabot na ito sa P33.4 bilyon. Inaasahang aabot ito ng P80-90 bilyon pagkatapos ng 1999, lagpas nang 33% sa orihinal na target na P68.4 bilyon.

Upang tustusan ang inaasahang malaking

depisito ng gubyerno, nagkukumahog itong makakuha ng bagong mga dayuhang pautang mula sa International Monetary Fund (IMF) at sa bansang Hapon. Kaugnay nito, matamang ipinatutupad ni Estrada ang mga utos ng IMF at World Trade Organization at inilalarga nang husto ang liberalisasyon, kabilang na ang pagbabaklas ng taripa sa pag-aangkat ng bigas at iba pang produktong agrikultural at mga buong sasakyan, pati na ang pagpapahintulot sa mga dayuhang bangko na bilhin ang 100% ng mga lokal na bangkong komersyal. Ang planong baguhin ang konstitusyon ay nakatuon pangunahin sa pagbabaklas ng anumang naiiwang proteksyon para sa pambansang kasarinlan at patrimonya.

Balak din ng rehimen na magpataw ng mga karagdang pahirap sa mamamayan kabilang na ang mga bagong buwis katulad ng *road users' tax* (pagtataas ng buwis sa pagrerehistro ng mga sasakyan). Gayundin, minamadali nito ang pagbebenta ng mga mangilan-ngilan na lamang na mga pag-aari ng gubyerno, tulad ng Philippine Associated Smelting and Refinery Corporation (PASAR). Samakatwid, ang “paglago” na ipinangangalandakan ng gubyernong Estrada ay walang iba kundi mga pintig ng naghihinalang ekonomya. Ang mga tinukoy na salik sa likod ng “paglago” ay hindi nagpapahiwatig ng pagtatag ng ekonomya ng Pilipinas. Bagkus, pinatitingkad ng mismong mga salik na ito ang pananatili ng mga pundamental na depekto ng ekonomya ng Pilipinas na nagdudulot ng krisis at magbabaon sa bansa sa mas malalim pang krisis.

Tinatarget ng gubyernong Estrada na “lalago” nang 2.6% ang ekonomya sa kabuuan ng 1999. Mangyari man ito, walang dapat ipagdiwang ang mamamayang Pilipino habang nakatuon ang programa sa ekonomya sa pag-akit ng mga dayuhang mamumuhunan at pautang, at habang nakabatay ito sa pagsasamantala sa mga manggagawa at magsasaka.

## Pagsusuri sa ekonomya: lagpas sa usapin ng estadistika

**G**inagamit ng gubyerno ang mga estadistika o datos nito upang lumikha ng baluktot na larawan ng ekonomya o tahasang magsinungaling tungkol sa tunay na kalagayan nito. Kayat mahalaga para sa mga rebolusyonaryo na mahusay na suriin ang mga inilalabas na datos ng gubyerno upang mapabulaanan ang mga kasinungalingan nito, ilantad ang tunay na kalagayang panlipunan at imulat at pakilusin ang mamamayan sa wastong daan ng rebolusyonaryong paglaban.

Sa pagsusuri sa mga upisyal na estadistika ng gubyerno sa Pilipinas, unang-una’y kinakailangang tanganan ang punto de bistan syentipiko, makauri at nakabatay sa kasaysayan. Ibig sabihin, dapat sapulin ang mga pundamental na katangian ng



1970 1975 1980 1985 1990 1995 1998

Sunud-sunod na ipinataw ng kolonyal na kapang-yarihang US ang Batas Payne-Aldrich, ang Batas Bell Trade at iba pang mga batas upang tiyakin na ang Pilipinas ay magsisilbing taga-eksport ng hilaw na materyales at taga-angkat ng mga yaring produkto. Ang kolonyal na padrong ito ay pinagtibay ng mga ipinatupad na batas ng mga papet na gubyrno mula 1946, kabilang na ang pagpapatibay ng General Agreement on Tariffs and Trade noong 1991 at ang mga kaugnay nitong batas.

Sinasalamin ang kolonyal na padron ng kalakalan sa palagiang depisito sa kalakalan ng Pilipinas. Mula 1970, umabot na sa \$79.87 bilyon ang natipong depisito. Noong 1973 lamang nagkaroon ng positibong balanse nang todo-todong nag-angkat ang imperyalismong US ng mga hilaw na materyales sa takot na magbuo ng kartel ala-OPEC ang mga malakolonyal na bansa upang itaas ang presyo ng mga produktong pang-eksport.

Hanggang sa kasalukuyan, ang US ang pinakamalaking pamilihan para sa mga eksport ng Pilipinas. Nangangahulugan ito na ang imperyalismong US pa rin ang pangunahing nakikinabang sa atrasadong ekonomya ng Pilipinas at sa kolonyal na padron sa kalakalang panlabas nito.

bilyong dolyar

-11,000

Ang ekonomya ng Pilipinas ay palagiang nasa krisis. Ilan sa mga tampok nitong katangian ang sumusunod: (a) di-sapat na produksyong agrikultural dulot ng monopolyong pag-aari sa lupa at atrasadong sistema ng produksyon; (b) tuluy-tuloy na pag-iral at patuloy na lumalaking hukbo ng reserbang paggawa; (k) kawalan ng nagsasariling kakayahang lumikha o magmanupaktura ng kahit mga saligang pangangailangan ng bansa kapwa para sa gamit pamproduksyon at para sa indibidwal na konsumo; (d) mababang dagdag na halaga sa sektor ng manupaktura na nakasalalay sa importasyon at nakatuon sa eksport; (e) tuluy-tuloy na pagkasaid ng kapital dahil sa di pantay na kalakalan at paglimas ng kapital at tubo ng mga dayuhang malalaking kapitalista; (g) pagkabaon at pagkatali sa dayuhang pautang at tuluy-tuloy na debalwasyon ng piso laban sa dolyar.

Ang mga ito ay permanenteng tatak ng ekonomya ng Pilipinas.

Sa ilang panahon ay napagtataktan ito ng pagbuhos ng dayuhang kapital na nag-uudyok ng artipisyal na aktibidad sa ekonomya. Kabilang dito ang pamumuhunan sa pamilihan ng *stocks*, sa *real estate*, sa pampublikong konstruksyon, at sa isang antas, sa mga *export processing zone*. Pinapalamutian

lamang ng mga ito ang bulok na sistema. Hindi nagdudulot ang mga ito ng solido at pangmatagalang pakinabang sa usapin ng empleyo at kapasidad ng ekonomya sa produksyon. Ito ang nangyari sa mga taong 1993-96 at lalo na noong 1996 nang humugos papasok ang dayuhang pamumuhunang ispekulatibo\* matapos todo-todong inilarga ng reaksyunaryong gubyrno ang liberalisasyon ng ekonomya alinsunod sa mga dikta ng imperyalistang amo nito.

Matapos magkamal ng tubo, simula 1997 ay mabilis na nilimas ng dayuhang malalaking kapitalista ang ipinuhunang kapital na nagbunsod ng mas malalang krisis sa pinansya at ekonomya. Hinubdan nito ng palamuti ang ekonomya at inilantad ang bulok na malapyudal na ubod nito—ang kawalan ng

## Hinggil sa usapin ng kalakalang panlabas ng Pilipinas

umiiral na malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan upang wastong maisabalangkas, maunawaan at mahubaran ang inilalabas na datos at mga pagsusuri ng gubyrno; at upang di mahulog sa patibong ng repormismo o ang pagkakamaling magbuo ng programa at mga patakaran para sa kaunlarang pang-ekonomya na hindi nagtutuon ng pangunahing pansin o nagbabalewala sa rebolusyong panlipunan bilang higit na mas saligang kundisyon upang tunay na umunlad ang ekonomya.

Sa pamamagitan ng kolonyal na kapangyarihan ng US at ng sunud-sunod na papet na gubyrno, hinadlangan ng imperyalismo ang industriyalisasyon ng ekonomya ng Pilipinas at pinanatili itong agraryo sa kalakhan. Ang pinahintulutang isang antas ng manupaktura ay nakaasa sa inaangkat na materyales at nakatuon naman sa pag-eksport. Ito ay upang ang Pilipinas ay magsilbing tagasuplay ng murang hilaw na materyales at murang lakas-paggawa sa mga dayuhang malaking kapitalista.

\* Tinatawag ding pamumuhunang portfolio ang pawang di produktibong pamumuhunan sa larangan ng real estate, pamilihan ng stocks at bono

◀ baseng industriyal at ang pagluluwas nito ng mga murang hilaw na materyales at murang lakas-paggawa bilang kakarag-karag na motor na nagpapatakbo sa Pilipinas.

Ang plano ni Estrada para sa ekonomya ay higit pang liberalisasyon upang lalong akitin ang dayuhang kapital. Isa sa mga layunin ng planong pagbabago sa konstitusyon ay ang pagbibigay sa mga dayuhang kapitalista ng mga karapatan at kalayaang dati'y tinatamasa lamang ng mga Pilipino, kabilang na ang pag-ari ng lupa, 100% pag-aari ng mga empresang lokal at iba pa. Ang mga desperadong patakarang ito ay bunga ng matinding kumpetisyon mula sa iba pang mga bansang malakolonyal at malapyudal sa Asya, Amerika Latina at Aprika sa pagganyak ng dayuhang kapital.

Ngunit bumuhos man ang dayuhang kapital sa Pilipinas, mauwi lamang ito sa krisis na mas malalim sa naunang lundong dati nitong kinabagsakan. Bubulusok ang ekonomya hangga't hindi ipinatutupad ang tunay na repormang agraryo na magpapalaya sa higit na nakararaming mamamayan mula sa pagsasamantalang pyudal at masidhing karukhaan at hangga't hindi naipupundar ang baseng industriyal na magsisilbing nangungunang salik sa pag-abante ng produksyon at pagtataas ng antas ng kabuhayan ng mamamayan.

Kayat ang usapin ng pag-unlad ng ekonomya ay usapin ng rebolusyonaryong pagbabago ng sistemang panlipunan—sa madaling salita, usapin ito ng kung aling uri ang may tangan ng kapangyarihang pampulitika. Nasa interes at pakinabang ng mga naghaharing uri sa Pilipinas, ng malaking burgesyang kumprador at mga malaking panginoong maylupa, na patuloy na makipagsabwatan sa mga imperyalista upang hadlangan at labanan ang industriyalisasyon at repormang agraryo bilang mga saligang hakbang sa pagbabago ng ekonomya.

Tanging ang mga magsasaka at manggagawang Pilipino ang may interes, kakayahan at kapasyahang lubos na baguhin ang malakolonyal at malapyudal na sistema at wakasan ang palagiang krisis sa ekonomya. **AB**

## Ipaglaban ang kagalingang pang-ekonomya ng mamamayan!

**H**igit sa anupaman, ang paghihirap ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang aping uri at sektor ang nakapagbibigay ng pinakaseksaktong larawan ng tunay na kalagayan ng ekonomya ng bansa. Sa nakalipas na isang taon sa ilalim ng gubyernong Estrada, malinaw na nalandad ang kahungkagan ng islogang “Erap para sa Mahirap” nang iminwestra ni Estrada ang katapatan nito, hindi sa mamamayang Pilipino kundi sa malalaking kapitalistang dayuhan, malalaking burges kumprador at mga panginoong maylupa.

Ang bagsak na ngang katayuang pang-ekonomya ng mamamayan ay lalong lumalala dulot ng mga makadayuhang patakarang rehimen ng Estrada. Nagpapatuloy ang kawalan ng tunay na reporma sa lupa at sa halip ay isinasakatuparan ng gubyernong Estrada ang mga iskemang lalong nagpapahigpit sa monopolyong kontrol sa lupa ng malalaking panginoong maylupa. Sa kabila ng malawakang panawagan para itaas ang minimum na sahod ng mga manggagawa, hinarang ito ni Estrada nitong Mayo 1 at sinabing magtiis na lamang daw muna.

Tuluy-tuloy na tumataas ang presyo ng mga bilihin, pangunahin na ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina dulot ng batas sa deregulasyon. Dahil sa pagbibigay-prayoridad sa pagbabayad utang, nangabubulok ang mga serbisyong panlipunan kabilang na ang serbisyong medikal at edukasyon.

Ang patuloy na bumabagsak na kabuhayan ng mamamayan ay nag-uudyok ng mga malawakang pakikibaka upang ipagtanggol ang kanilang kapakanan. Responsibilidad ng Partido na himukin ang masang anakpawis na buuin ang pinakamasaklaw na pagkakaisa at militanteng manindigan upang epektibong maipaglaban ang kanilang mga interes pang-ekonomya. Ibinubukas ng sitwasyong ito sa Partido ang pagkakataon at responsibilidad na itaas ang anti-imperyalistang kamulatan ng mamamayan at ikawing ang pakikibakang pang-ekonomya sa kabuuang rebolusyonaryong pakikibaka. **AB**



Bangayang Lastimoso-  
Lacson

## Away ng mga sindikatang kriminal sa PNP

**L**umalalim at lumalala  
ang kabulukan ng  
burukrasyang sibil at  
militar ng reaksyunaryong

gubyrerno. Litaw na litaw ang mga katiwalian at anomalya sa loob nito. Hayag na sa midya ang garapalang pagkandili nito ng mga sindikatang kriminal at pagbibigay proteksyon sa kanilang mga operasyon—mula sa malalaking kaso ng pagnanakaw sa gubyrerno, *kidnapping*, panghoholdap, pagbebenta ng droga, pagpapatakbo ng ilegal na sugal hanggang sa pangungotong. Sa katunayan, pinamumunuan, dinidireksyunan at binubuo ng mga upisyal at kagawad nito ang pinakamalalaking sindikatang kriminal na sumasaklaw sa buong bansa. Ikinokoordina ang mga operasyong ito ng walang iba kundi ng presidente ng Pilipinas.


Lalo lamang napatunayan na bulok-sa-kaibuturan ang burukrasyang sibil at militar sa kasalukuyang bangayan nina Hen. Roberto Lastimoso at Hen. Panfilo Lacson, dalawang matataas na upisyal ng pulisya. Sa esensya, ito ay matinding away ng mga magkakalabang sindikatang kriminal sa loob ng Philippine National Police (PNP).

Mabilis at sunud-sunod na nabubunyag ang iba pang malalaking katiwalian at anomalya sa loob ng burukrasya. Umaabot na sa pinakamatataas na pusisyon at upisyal ng reaksyunaryong gubyrerno ang bahong nalilikha ng mga bangayang ito.

Lalo nitong pinalalaki ang mga lamat sa lantad na't nahihawalay na gubyrerno ni Estrada. Hindi malayong babagsak ang kasalukuyang rehimen sa bigat ng sariling kabulukan at katiwalian.

### Mga sindikatang kriminal sa PNP

Si Hen. Panfilo Lacson, pinuno ng Presidential Task Force on Anti-Organized Crime (PTFAOC), ang paboritong heneral ni Estrada at ang superpinuno ng PNP sa aktwal. Samantala, si Director General Lastimoso, pinuno ng PNP, ay tauhan ni Lacson at siyang pinapangasiwa ng huli na "alagaan" ang mga boto ni Estrada sa Mindanao. Si Lacson, bilang pinakapinagkakatiwalaang pulis ni Estrada, ang nakatakhang maging hepe ng PNP. Subalit



pansamantalang pinaupo si Lastimoso bilang pinuno ng pulisya habang nagpapalamig pa si Lacson mula sa pagkakasangkot nito sa kaso ng Kuratong Baleleng *rubout*. Gantimpala rin ito kay Lastimoso sa kanyang paninilbihan kay Estrada noong eleksyon.

Nagbago ang ihip ng hangin para kay Lacson nang maitalaga si Ronaldo Puno bilang kalihim ng Department of Interior and Local Government. Inilakad ni Puno na gawing permanente ang pagkakatataga kay Lastimoso bilang hepe ng PNP noong Abril dahil nais niyang magbuo ng sariling bloke sa pulisya para sa kanyang mga ambisyon sa pulitika.

Biglang nalagay sa alanganin ang hangarin ni Lacson na mailuklok sa pinakamatataas na pwesto sa PNP. Kasabay nito, nanganib ang kagustuhan niyang mangibabaw ang kanyang sindikato sa droga sa loob ng pulisya. Dito na nagsimulang magsingawan ng baho ang mga kampo nina Lacson at Lastimoso.

Ibinunyag noong Abril ang pagkandili at pagbibigay proteksyon ni Lastimoso sa mga *druglord* na tulad nina Rafael Mdraso, Dr. Avello 'Billy' Jaca at Vicente Sy na

pawang nag-oopereyt sa Kabisayaan at Mindanao. Ang mga nagbunyag ay sina Region 4 Director Chief Supt. Reynaldo Acop; Kol. Francisco Villaroman, hepe ng paniktik para sa Timog Katagalugan; at Senior Supt. Reynor Gonzalez, pinuno ng PNP Anti-Narcotics Group. Lahat sila ay mga tauhan ni Lacson.

Inilantad ng mga naturang upisyal na nahuli noong Marso si Rafael Madraso sa isang *buy-bust operation* ng PNP sa Parañaque. Si Jaca, isang *ophthalmologist* mula sa Cebu, ang umaktong tagapaglangis para mapalaya si Madraso mula sa pangangalaga ni Senior Superintendent Gonzales.

Ang pag-aresto kay Madraso ay bunsod ng intensyong pigilan ang *drug trafficking operation* nito sa Luzon, sa mga teritoryong hawak pangunahin ng kampo ni Lacson at ng kilalang *druglord* na si Alfredo Tiongco. Nais mabawi nina Lacson at Tiongco mula sa kampo nina Madraso at Lastimoso ang mga teritoryong ito ngayong abswelto na si Tiongco sa salang *drug trafficking*. Isinapubliko ni Lacson at mga kasapakat nito ang mga maanomalyang maniobra ni Lastimoso, kabilang ang panunuhol sa kapwa upisyal para palayain ang mga nakapiit na *druglord* na kakutsaba nito.

Napakahalaga para sa mga nagbabangayang heneral ang mga teritoryo ng kani-kanilang sindikato dahil tumatabo sila ng mahigit P50 bilyon taun-taon sa “negosyo” ng droga.

Mismong ang mga “kumpidensyal” na ulat ng gubyrerno ang nagpapatunay sa direktang pagkakasangkot hindi lamang ni Lacson at Lastimoso kundi ng buong burukrasya ng PNP sa mga sindikatong kriminal. Ayon sa ulat ng National Intelligence Coordinating Agency, sangkot ang dalawa at mga tauhan nila pangunahin sa mga sindikato ng droga at iligal na sugal.

Hindi nakapagtataka kung bakit 12% ng mga pulis ay gumon sa droga. Ito ang datos na inilabas nitong huling linggo ng Mayo ng Dangerous Drugs Board ng gubyrerno na nagpapatunay kung gaano kalaganap at kung paano gumagalaw ang mga sindikato ng droga sa PNP. Hindi ito imposible dahil mga heneral mismo ng PNP, sa katauhan nina Lacson at Lastimoso, ang may hawak ng sindikato.

## Maniobra ni Estrada

Mabilis na kumilos si Joseph Estrada, koordinador ng mga magnanakaw at kriminal sa gubyrerno, upang patayin ang isyu hinggil sa dalawang heneral. Sa tulong ng mga alipures nito sa Senado at Kongreso, noong una’y nagawa ni Estrada na ipawalang-sala at linisin ang pangalan ng dalawang heneral bago pa man umabot sa kanya ang baho ng anomalya. Upang magkunwaring walang kinikilingan, iniatas ni Estrada ang suspensyon nina Lacson

at Lastimoso mula sa kani-kanyang pwesto “habang isinasagawa pa ang imbestigasyon”.

Di nagtagal ay lumitaw din ang pagkampi ni Estrada sa kanyang paboritong superpulis. Kinasuhan si Lastimoso ng panunuhol at ng *graft* dahil sa pagtanggap niya ng mga pabor mula kay Jaca, habang si Lacson naman ay ibinalik na sa kanyang pwesto sa PTFAOC.

Nitong huli, tinangka ng kampo ni Lastimoso na ipitin si Lacson sa pamamagitan ng muling pagbuhay sa kaso ng Kuratong Baleleng *rubout*. Subalit kumilos din agad sina Lacson upang sirain ang kredibilidad ng testigong pinalutang nina Lastimoso. Malinaw nang nakapangingibabaw sa loob ng PNP ang kampo ni Lacson, na bukod sa bulok sa kaibuturan ay isang pasistang uhaw sa dugo.

Tiyak na hindi rito matatapos ang pagsingaw ng baho sa loob ng pulisya.

Subalit anupamang pagtatakip at maniobra ang gawin ni Estrada at ng nagbabangayang kampo sa PNP, ang masa ng sambayanan ay talagang sukang-suka na sa mga katiwalian at kawalanghiyaan ng mga pulis. Sa kanayunan at kalunsuran, kilala ang mga pulis sa paglabag sa karapatang-tao at ngayon nga, lantad na lantad ang kriminal na aktibidad nila kaugnay sa droga.

Kahit sa sarbey ng PNP noong Marso, ang lumabas na pinakamataas na *performance rating* nila para sa unang kwarto ng taon ay 8% lamang at pinakamalala ang grado ng mga pulis Maynila na umabot sa -2%.

Nakatatak na ang imaheng ito ng PNP sa kamalayan ng sambayanan. Kailangang ilantad nang husto ang kabulukan ng burukrasyang sibil at militar ng reaksyunaryong estado. Lalong nagiging malinaw sa mamamayan ang katumpakan ng rebolusyonaryong paglaban kung mahusay na masasamantala dahil nalalantad ang kabulukan ng naghaharing sistema sa bangayan ni Lacson at Lastimoso at ang antas ng demoralisasyon sa PNP. Ito rin ang tuluy-tuloy na nagpapatindi ng demoralisasyon sa hanay ng PNP. Kailangan itong samantalain sa pamamagitan ng pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya. Dapat maitransporma ang persepsyon ng masa sa mga kongkretong aksyon ng paglaban sa kanayunan at kalunsuran na mahigpit na nakakawing sa pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. **AB**

---

## SUBALIT ANUPAMANG PAGTATAKIP AT MANIOBRA ANG GAWIN NI ESTRADA AT NG NAGBABANGAYANG KAMPO SA PNP, ANG MASA NG SAMBAYANAN AY SUKANG-SUKA NA SA MGA KATIWALIAN AT KAWALANGHIYAAN NG MGA PULIS.

---

Ang maralitang-lunsod:

# Lugmok sa kahirapan

*Pinagsabungan, Malabon, Nobyembre 1997. Sa gitna ng napakatagal nang nakaambang banta ng demolisyon, namatay sa atake sa puso si Lorenda Mabini, 49 taong gulang, at sa pagkabinat si Rachel Aguillo, 12 taong gulang.*

*Sa pamumuno ni Maj. Dante Buenaventura, nilapastangan ng mahigit 300 unipormadong pulis Malabon ang mga tahanan at buhay ng mga naninirahan sa Pinagsabungan upang bigyang-daan ang isang proyekto ng reaksyunaryong gubyerno at ng Japan International Cooperation Agency. Walang trabaho, pabahay, tubig, sentrong pangkalusugan — **wala ni anuman** — sa lugar na pagtatapunan sa mga residenteng winasak ang mga tahanan. Animo'y nangungutya, ang itinakdang “permanenteng lugar ng relokasyon” para sa kanila, ang Towerville sa San Jose, Del Monte, Bulacan, ay nililinis na ng mga bulldoser para sa isa na namang “proyekto pangkaunlaran”.*

*Ang karanasang ito ng mga taga-Pinagsabungan ay isa lamang halimbawa ng pang-aapi sa mga maralitang-lunsod. Sa artikulong ito, tatalakayin ang mga paghihirap ng maralitang-lunsod, at kung papaano ito mahigpit na nakakawing sa pambubusabos sa uring manggagawa. Ang maralitang-lunsod ay kaanib sa uring manggagawa, at kabalikat ng lahat ng aping mamamayan sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon.*

**G**aano pa man tangkain ng reaksyunaryong estado na bawasan sa mga dinuktor na datos ang kanilang bilang, hindi na nito maitatago na ilampuon milyon na, at dumarami pa, ang mga maralitang-lunsod na nakalugmok sa sukdulang kahirapan sa buong bansa.

Sila ang mga manggagawa, mala-manggagawa, mga kababaihan at kabataan sa mga maralitang komunidad ng kalunsuran. Marami sa kanila ang dating magsasaka at pambansang minorya na napilitang lumuwas sa mga lunsod dahil sa gipit na kabuhayan, militarisasyon at



sapilitang pagpapalayas ng gubyerno o mga pribadong korporasyon upang bigyang-daan ang samu't saring mga “proyekto pangkaunlaran.”

## Mga pangunahing suliranin

Walang disentang tirahan ang mga maralitang-lunsod. Ang mga nilalagian nilang sulok ng kalunsuran ay hindi inaabot ng sapat na mga serbisyong panlipunan. Mag-iisang siglo na silang dumaranas ng walang-katapusang mga demolisyon at pasistang pandarahas. Gayundin, walang regular na mapagkakitaan ang mga maralitang-lunsod, at, kung mayroon man, madalas ay sahod-alipin lamang ang kanilang natatanggap. Mabigat na pasanin para sa kanila ang tuluy-tuloy na pagsirit ng mga presyo ng bilihin, ang pagbagsak ng halaga ng piso, maging ang pagpapataw ng gubyerno ng karagdagang buwis. Ito ang larawan ng dustang kalagayan ng mga maralitang komunidad ng kalunsuran.

**Kawalan ng disentang pabahay, mararahas na demolisyon at pagpapalayas.** Sa mga estero, riles ng tren at Metrorail, sa ilalim ng mga tulay, mga tapunan ng basurahan. Diyan, kung hindi nama'y sa mga lupaing itinuturing na “danger zone” ng gubyerno dahil nakatakdang pagtayuan ng isang proyekto, ang tahanan ng mga maralitang-lunsod. Gayunpaman, wala na ngang sarili at disentang bahay ay pinagkakaitan pa ng matitirhan ang mga maralita.

Upang tugunan ang mga pangangailangang pangkomersyo ng mga dayuhang mamumuhunan, walang-

awang dinedemolis ng anti-mamamayang gubyrno ang mga tahanan at winawasak ang mga buhay ng maralitang-lunsod. Walang-patid silang nililigalig at dinadahas ng estado, gamit ang berdugong militar, pulisya, at mga mapanupil na batas.

Mula pa noong 1986, may 100,000 maralitang mamamayan ang binibiktima ng demolisyon taun-taon. Noong 1996, mahigit tatlong milyong maralitang-lunsod ang pinalayas at dinemolis ang mga tahanan sa loob lamang ng anim na buwan sa Damayang Lagi, Pasay Reclamation Area at iba pang lugar. Animo’y basura, sila’y pinaalis — upang “linisin” at “pagandahin” ang Maynila para sa pagdaraos ng Asia Pacific Economic Conference Summit.

Noong 1997 naman, kinampihan ng korte ng Maynila ang Landcom, isang kumpanyang kunektado sa kumprador na si Lucio Tan, laban sa 500 maralitang pamilya sa usaping pag-aari ng isang 1,500 metro kwadrang lote sa Malate. Mahigit dalawang dekada na ritong naninirahan ang mga naturang pamilya. Di nagtagal, isa namang demolisyon ang naganap nang agawin ng National Government Center Housing Project (NGCHP) ang 150 ektaryang lupain sa Commonwealth Ave., Lunsod ng Quezon. Ang SWAT at *demolition team* ng lunsod ang gumiba sa mga bahay doon nang walang “notice of eviction” ni utos mula sa korte. Tatayuan daw ng palengke at pagpapalawakan ng kalsada ang naturang lote.

Sa ilalim ng rehimeng US-Estrada, tinatayang may 43,000 maralitang pamilya sa mga lunsod ng Mindanao ang mapalalayas sa kanilang mga tahanan dahil sa mabilis na pagpapalit-gamit ng mga lupain at pagdagsa ng dayuhang pamumuhunan. Noong Disyembre 2, 1998 ay may 13,000 pamilya na ang nawalan ng tahanan sa 426 ektaryang rantso sa Baninsil, Siniwal, General Santos.

Magpahanggag ngayon, maraming kaso—nakatala o hindi—ng mga komunidad ng maralitang-lunsod na “binubura sa mapa” para pagtayaran ng mga “proyektong pangkaunlaran”. (*Tingnan ang talahanayan*) Sa katunayan, ang mga “proyektong” ito ay katumbas ng pagbebenta ng mga lupang pampubliko sa mga dayuhan at burgesyang kumprador alinsunod sa utos ng IMF sa bangkaroteng gubyrno.

Pinatutunayan ng mga kasong ito, at ng marami pang iba, na ang pinaglilingkuran ng reaksyunaryong estado ay

## MGA ‘PROYEKTONG PANGKAUNLARAN’

PROYEKTO	LUGAR	BILANG NG PAMILYA
<b>Marilaque, Laguna Lake 2000</b>	Baybayin ng Lawa mula Quezon, Metro Manila at Rizal	Mahigit 150,000
<b>Pasig River Rehabilitation</b>	Napindan, Ilog ng Pasig	90,000
<b>NGHCP at Payatas 2000</b>	Commonwealth, NGHCP at Payatas	Mahigit 80,000
<b>North Bay Boulevard Business Park</b>	Kahabaan ng R10 mula Tondo hanggang Valenzuela	Mahigit 70,000
<b>Rapid Railways Project (PNR 2000)</b>	Kahabaan ng riles mula Bicol hanggang Gitnang Luzon	Mahigit 70,000
<b>Pribatisasyon ng lupa ng Tala Leprosarium</b>	TALA Estate	Mahigit 30,000, pati mga residenteng may ketong
<b>Pribatisasyon ng Welfareville at NCMH</b>	Mandaluyong City	Mahigit 20,000 bukod sa mga pasyente ng ospital
<b>mga proyektong “pangkaunlaran”</b>	Davao, Gen. Santos at iba pang bahagi ng Mindanao	24,000 pamilya
<b>Pribatisasyon</b>	Diliman, Quezon City	20,000, pati mga manininda at mga drayber ng dyip
<b>15 km. coastal road</b>	Toril-Agdao, Gen. Santos	6,000 pamilya

ang malalaking kapitalistang dayuhan at lokal, mga panginoong maylupa at burukrata. Ang inilalapat nitong solusyon sa suliranin ng mga maralita tulad ng pag-amyenda ng batas o panibagong paggawa ng mga proyekto ay pawang mapanlinlang at kontra-mahirap, panandalian at pampalubag-loob lamang. Ang napakalaking hulugan o upa sa mga proyektong pabahay, halimbawa, ay hindi mahabul-habol ng mga maralitang-lunsod, at ginagawa lamang negosyo ng mga nangangasiwa sa proyektong pabahay. Ang National Housing Authority mismo ng gubyrno ay pang-354 sa nangungunang 7,000 korporasyon noong 1994 dahil umabot sa P7.5 bilyon ang kabuuang pag-aari nito. Ang masaklap pa’y perang kinakaltas mula sa sahod ng mga manggagawa (PAG-IBIG Fund) ang ginagamit na puhunan sa negosyong pabahay.



**SA HALIP NA IAHON  
SILA MULA SA  
KAHIRAPAN, ANG  
TOTOO'Y LALO  
LAMANG  
INILULUGMOK SA  
KARUKHAAN NG  
MAKADAYUHAN AT  
KONTRA-  
MAMAMAYANG MGA  
PATAKARAN NG  
PAMAHALAAN ANG  
ANG MGA  
MARALITA.**

Abot-langit ang edukasyon para sa kabataang maralitang-lunsod. Imbes na makapag-aral, may 200,000 mga batang lansangan na sa murang edad ay napupwersa nang maghanapbuhay upang matulungan ang mga magulang sa pagtataguyod ng pamilya.

Sa kabila nito, 2% lamang ng P579-bilyong pambansang badyet para sa 1999 ang inilaan sa kalusugan. Samantala, halos 10% ng badyet ang inilaan ng pamahalaan sa militar na kasangkapan pa ng reaksyon sa pagwasak sa buhay ng maraming maralita. Wala rin sa mga prayoridad ng estado ang edukasyon, gayundin ang iba pang serbisyong panlipunan.

**Kawalan ng trabaho.** Habang walang trabaho ang mahigit kalahati ng pwersang paggawa ng bansa, 65% ng mga “may trabahong” maralitang-lunsod ay walang regular na empleyo at umaasa sa pagtitinda o iba pang sari-saring panandaliang hanapbuhay. Noong 1998, daan-daan libong maralitang-lunsod ang nawalan ng hanapbuhay nang magsara ang mahigit na 60% ng mga kumpanya sa bansa.

Sa hanay din ng mga maralitang-lunsod hinuhugot ang mga kontraktwal at kaswal na manggagawang pinagtatrabaho sa sweldong pambusabos at isinusubsob sa mga miserableng kalagayan ng paggawa. Sadyang nagsisilbi sa interes ng mga kapitalista ang pagdami ng mga maralitang-lunsod bilang higanteng reserba ng pwersang paggawa. Sa pagawaan, biktima rin sila ng pag-atake sa mga karapatang manggagawa, gayundin ng panggagantso ng mga luma at bagong dilawan.

Higit kailanman, animo’y mga tupang isinakripisyo ng reaksyunaryong estado ang mga maralita upang matamo ang kumpanyansa ng mga dayuhang mamumuhunan. “World class labor” daw ang kalagayang napakababa ng sahod, malawakan ang

**Kasalatan sa serbisyong panlipunan.** Salat sa mga batayang serbisyong panlipunan ang mga maralitang komunidad. Dahil sa napipilitan ang mga maralita na sa kung saang mga sulok ng lunsod na lamang manirahan, bihirang may malinis na tubig sa kanilang komunidad. Masahol pa, wala ring mga sentrong pangkalusugan na may sapat na pasilidad rito. Bunga nito, nagiging napakabulnerable ng mga maralitang-lunsod sa mga sakit at epidemya. Maraming mga bata ang biktima ng malnutrisyon.

kaswalisasyon at laganap ang paniniil at pagbabawal sa mga unyon.

Sa halip na iahon sila mula sa kahirapan, ang totoo’y lalo lamang inilulugmok sa karukhaan ng makadayuhan at kontra-mamamayang mga patakaran ng pamahalaan ang mga maralita. Kayat isang malaking kahungkagan ang panghahambog ng nagbabalatkayong “makamahirap” na rehimeng Estrada na pagdating ng 2004 ay naiahon na nito sa kahirapan ang may 10 milyong pinakamahihirap na Pilipino.

**Ang pakikibaka ng mga maralitang-lunsod**

Maglilimang-taon nang tinututulan ng nagbuklod na mga maralita ng Calumpit, Malolos, Balagtas, Marilao, Bocaue, Meycauayan at Guiguinto, lalawigan ng Bulacan, ang Manila-Clark Rapid Northrail System. Sa ilalim ng proyektong ito, nakatakdang wasakin ang tirahan ng 10,500 pamilya sa tabi ng riles ng PNR. Ang mga maralitang pamilya ay pawang mga magsasakang itinulak sa kalunsuran ng pagpapalit-gamit sa lupa at matinding militarisasyon sa Kabisayaan, Bikol, Ilokos at mismong sa Bulacan. Hindi sila pumapayag sa bayad at reloksyon na iniaalok ng pamahalaan sapagkat wala silang makukuhang hanapbuhay doon.

Ang ganitong mga pakikibaka ng maralitang-lunsod ay mahigpit na inuugnayan, inoorganisa at pinamumunuan ng rebolusyonaryong kilusan. Layunin nitong buuin ang malawak na pagkakaisa ng maralitang-lunsod upang labanan ang ibayong mga pahirap ng gubyernong Estrada. Mahalagang ibatay ito sa matama at malalim na pag-unawa ng mga maralita sa kanilang kasaysayan at kalagayang nakaugat sa kasaysayan at kalagayan ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Sa militanteng pagbubuklod-buklod ng mga komunidad ng maralita, kasama ang mga organisasyon ng kababaihan, kabataan, at iba pang anakpawis, nahihinang ang kanilang lakas upang igiit ang kanilang mga demokratikong karapatan at hangarin, kabilang na ang kanilang kagalingang pang-ekonomya.

Habang may natatanging kalagayan at kahilingan ang mga maralitang-lunsod, ang mga ito ay pawang nakaugat sa kabuuang pang-aapi sa kanila bilang mga manggagawa at mala-manggagawa. Puno’t dulo ng kanilang paghihirap at kadusta-dustang kalagayan ang makauring pagsasamantala at pang-aapi ng mga imperyalista, malalaking asendero at burgesya kumprador. Kung kayat mahigpit ang pangangailangan para sa mga maralita na ikawing ang pakikibaka ng kanilang mga komunidad sa pakikibaka ng inaaping mamamayan, laluna sa kilusang manggagawang Pilipino. **AB**

# Laban ng maralitang-lunsod, laban ng uring manggagawa

**M**aagang bahagi pa ng 1900, panahon ng imperyalistang pananakop ng US sa Pilipinas, nang nag-umpisa ang pagdagsa ng mga magsasaka sa kalunsuran bunga ng matinding pagsasamantalang dinanas sa kamay ng mga dayuhang mananakop at mga lokal na tuta nito.

Marahas na inagaw ng US at mga lokal na alipures nila ang lupa ng ilanlibong magsasaka sa kanayunan at pinagtibay ang dati nang pangangamkam ng mga Kastila sa pamamagitan ng pagtititulo sa mga lupain. Matapos sunugin ang kanilang mga kubo, pinalayas at ikinonsentra ang mga magsasaka sa mga “sanitary barrio” ng kalunsuran.

Tuluy-tuloy na itinaboy ng mga kolonyalista ang mga magsasaka papunta sa kalunsuran na noon ay tinatayuan ng mga negosyong Amerikano. Ginamit ng mga dayuhan ang kumakapal na hanay ng mga maralitang-lunsod bilang hukbo ng murang lakas-paggawa. Nagsimulang lumaganap ang suliranin ng kawalang-trabaho at disienteng pabahay sa mga komunidad ng maralita.

Noong 1930, tumampok ang paggiit ng mga manggagawa para sa makataong paninirahan bilang bahagi ng mahusay na kundisyon sa paggawa, at laban sa pagsasamantala. Bunga nito, napilitan ang kolonyal na gubyrno na simulan ang “relokasyon” sa tinawag nang mga “barrio obrero” sa Bago Bantay at Bagong Pag-asa. Sa kabilang banda, nagpatuloy ang pagtatayo ng mga kalsada, tulay, mga gusali at iba pang imprastruktura na nagsilbi sa pang-komersyong interes ng mga kolonyalistang mananakop.

Pagsapit ng 1946, umabot na sa 23,000 maralitang-lunsod ang nakatira sa mga komunidad na nakapalibot sa mga pabrika sa Tondo at Intramuros. Sobra pa sa 10 beses ang inilaki nito pagsapit ng 1963 sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Sa loob lamang ng magdadalawang dekada ay walang patid na sapilitang pagpapalayas, demolisyon at relokasyon ang dinanas ng mga maralitang-lunsod sa kamay ng gubyrno. Tinangka ng estado na itapon pabalik sa prubinsya ang mga maralita, subalit ang karamihan ay bumalik lamang sa lunsod.

**M**ilitante ang kasaysayan ng organisadong pagkilos ng maralitang-lunsod. Noong maagang bahagi ng 1960, ipinaglaban ng nagbuklod na mga

maralitang-lunsod (Tondo Foreshore Tenants Association o TFTA) ang karapatang magkaroon ng sariling bahay at lupa, at iginiit na kilanlin ng batas ang karapatang ito.

Itinulak nito ang reaksyunaryong rehimeng Quirino na buuin ang RA 1597 at RA 2438, mga batas na kumilala sa naturang karapatan. Subalit matapos nito, tinangka ng mga reaksunaryo na ilayo sa militanteng paglaban ang mga maralitang-lunsod.

Humiwalay sa tunguhing ito ang mga samahang komunidad noong 1969 para buuin ang patuloy na lumawak na samahang paglaon ay tinawag na Zone One Tondo Organization (ZOTO). Umanib ito sa mga pambansa-demokratikong organisasyon noong dekada’70. Kasama ang mga myembro ng ZOTO sa mga naging biktima ng pamamaril ng rehimeng US-Marcos sa rali ng mga manggagawa noong Mayo 1, 1971. Lalo itong nagsigasig at nangahas sa paglahok sa maraming kilos-protesta at aksyong masa laban sa reaksyunaryong estado, mga kapitalista at mga dayuhang kapangyarihan. Samantala, walang puknat pa rin ang pang-aapi, pandarahas, pagwasak sa mga tahanan, panununog at sapilitang pagpapalayas ng reaksyunaryong rehimeng Marcos sa mga maralitang-lunsod, sa ngalan ng mga dayuhan at lokal na negosyo at ahensya gaya ng World Bank.

Para pahupain ang militanteng pakikibaka ng ZOTO, naghain ng mga proyekto para sa pabahay at pagpapaunlad ng lunsod ang reaksyunaryong estado. Pinondohon ng World Bank ang mga proyektong ito.

**H**indi kailanman nagtagumpay ang reaksiyon sa Hantakang suhetuhin ang pakikibaka ng mga maralitang-lunsod. Mula’t sapul, militanteng nakibaka ang mga maralita para sa kanilang mga kagyat at pangmatagalang kahilingan kasama ang ibang mamamayang inaapi.

Ito ay sa kabila ng pag-atras at paghina ng kanilang kilusan noong dekada ’80 dala ng pangkalahatang disoryentasyon ng pambansa-demokratikong kilusan. Dahil sa pang-uuk-ok ng oportunismo at kaisipang petiburges, marami sa kanilang mga lider ang nahumaling sa korupsiyon at ekonomismo. Sinamantala ng reaksiyon ang kahinaang ito at unti-unting lumuwag ang pagkakaisa

ng mga maralita.

Sa huling bahagi ng 1980, hinangad ng mga insureksyunista ang “madaliang tagumpay” laban sa reaksyunaryong rehimeng Aquino. Itrinansporma ng mga insureksyunista ang mga komunidad ng maralita sa mga “prenteng partisano” at ginawa itong lunsaran ng mga aksyong militar. Sinagot ng reaksyunaryong gubyerno ang adbenturismong ito ng mas matinding pananalakay na puminsala hindi lamang sa mga lihim na organisasyon sa komunidad kundi pati sa mga ligal na samahang maralita.

**N**ang inilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992, kabilang ang mga maralitang-lunsod sa mga rebolusyonaryong pwersang naglagom ng ilang dekada ng pakikibaka, tumukoy sa sariling mga kahinaan at pagkakamali, at nagpasyang magwasto at sumulong sa wastong landas ng rebolusyon – bilang pwersang kaanib sa uring manggagawa at mala-manggagawa.

Magpahanggang ngayon, patuloy na tinatangka ng kontra-rebolusyonaryong rehimen na supilin ang pakikibaka at wasakin ang pagkakaisa ng mga maralita. Bukod sa mga huwad na pakanang pabahay at pangkabuhayan, ginagamit ng reaksyunaryong gubyerno ang maliliit na kontra-rebolusyonaryong grupo bilang espesyal na ahente nito. Sa pamamagitan ng mga naturang grupo, naghahasik ang reaksyon ng mga intriga at kasinungalingan sa hanay ng mga maralita upang ilihis sila mula sa landas ng militanteng paglaban.

**P**inatunayan ng mahabang kasaysayan ng pakikibaka ng mga maralitang-lunsod na ang suliranin sa pabahay, trabaho, at karapatan ay sumasalamin sa krisis na sanhi ng mga saligang suliranin ng lipunan. Ngayon, sa bilang na umaabot na ng ilampung milyon, muling lumalakas ang kanilang hanay at humahamon sa isa pang nagpapanggap na maka-mahirap na rehimeng US-Estrada. Kaagapay ang rebolusyonaryong kilusan, iginigiit ng mga maralitang-lunsod ang solusyon sa kanilang mga kagyat na suliranin, habang nag-iipon ng lakas para sa saligang pagbabago ng lipunan.

Sa landas ng kilusang pagwawasto, ang bawat hakbang ng mga maralitang-lunsod ay ginagawa sa konteksto ng pangkalahatang pakikibaka ng uring manggagawa at ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya. ■

Kalayaan ng mamamayang Timores


## Patuloy ang laban sa East Timor

**P**umapasok ngayon sa isang kritikal na yugto ang pakikibaka ng mamamayan ng East Timor laban sa pananakop ng gubyernong Indones at para sa kanilang kalayaan at hangad na demokrasya.

Nakatakda ang idaos sa darating na Agosto ang plebisito upang pagpasyahan ang alok ng gubyernong Indones na “espesyal na awtonomya” para sa East Timor. Sa ilalim ng “espesyal na awtonomyang” ito, balak ng gubyernong Indones na gawing lehitimo ang 23-taong madugong pananakop nito sa teritoryo. Sa gayong kaayusan, mananatiling nakapailalim sa pasistang paghahari ng Indonesia ang mamamayang Timores. Dagdag dito, kikilanlin na ng mga pandaigdigang organisasyon ang awtoridad ng Indonesia sa East Timor. Sa anu’t anuman, walang garantiya na aatras ang Indonesia at “gagawaran” nito ng ganap na kalayaan ang East Timor kung ibabasura ng mamamayan ang alok na “awtonomya”.

Kaugnay nito, naglunsad ang gubyernong Indones ng pinaigting na kampanyang panunupil upang tiyakin ang boto para sa “awtonomya”. Bumuo ang reaksyunaryong gubyerno ng Indonesia ng mga lokal na grupong *vigilante* at milisya upang maghasik ng karahasan at takutin ang mamamayang lumalaban sa “awtonomya”.

Gayundin, pinondohan ng Indonesia ang kakarampot na mga grupong maka-awtonomya upang linlangin at takutin ang mamamayan sa loob at labas ng teritoryo na bumoto para sa awtonomya. Isinasangkalan ng gubyernong Indones at mga kasabwat nito ang nalikhang kaguluhan at kalituhan upang bigyang-matwid ▶



ang patuloy na panghihimasok ng Indonesia at pagbabalik ng pwersang militar nito sa teritoryo.

Sa harap ng matinding pananakot at karahasan, matatag ang paninindigan ng mamamayang Timores laban sa “espesyal na awtonomya” o “integrasyon”. Ipagpapatuloy lamang ng huwad na awtonomya na ito ang kanilang pagdurusa sa ilalim ng pasistang paghaharing Indones na matagal na nilang nilalabanan. Lagpas sa awtonomya, nagkakaisa ang mga demokratikong grupong Timores sa loob at labas ng teritoryo na patuloy nilang igigiit ang kanilang kalayaan at hangad na demokrasya.

### **Kasaysayan ng pang-aapi ...**

Ang East Timor ay nasa dulong timog-silangang bahagi ng kapuluan ng Indonesia. Ito ay nasa silangan ng Isla ng Timor. Matatagpuan ito sa pagitan ng Timog-Silangang Asya at Australia. Sa hilaga ng isla matatagpuan ang mga dagat ng Savu, Flores at Banda. Sa timog nito ay ang Dagat Timor at Dagat Arafuan. Teritoryo ang East Timor ng higit 850,000 mamamayang Maubere. Ang kanlurang bahagi o West Timor ay prubinsya ng Indonesia.

Dumating sa isla ng Timor ang mga mananakop na Portuges at Dutch\* noong ika-16 na siglo. Noong 1856, pormal na hinati ng dalawang kolonyalista ang Isla ng Timor sa kanluran at silangang bahagi. Ibinigay ng kolonyalistang Dutch ang kanlurang bahagi sa Indonesia noong 1950. Nakipaglaban naman ang mamamayan sa silangang bahagi para sa kanilang kalayaan mula sa kolonyalistang Portuges.

**ANG PANANALAKAY NG  
INDONESIA AY  
SINULSULAN NG  
IMPERYALISMONG US.  
MGA EROPLANONG  
PANDIGMA AT  
NAKALALASONG  
KEMIKAL TULAD NG  
NAPALM AT AGENT  
ORANGE NA GALING SA  
US ANG GINAMIT NG  
ARMADONG HUKBONG  
INDONES SA  
PANANALAKAY NITO SA  
EAST TIMOR.**

Noong Abril 1974, pinalayas ng mamamayang Timores ang kolonyalistang Portuges at sinimulan ang proseso ng pagtatayo ng sariling gubyerno. Nakatak-dang pangasiwaan ang gubyernong ito ng FRETILIN (Rebolusyonaryong Prente ng East Timor), isang prente ng mga demokratiko at patriotikong uri at sektor ng East Timor na pinamumunuan ng partido komunista.

Ngunit naudlot ang proseso ng pagtatayo ng isang malaya at demokratikong East Timor.

Noong Disyembre 7, 1975—dala ng matinding takot ng reaksyunaryo at anti-komunistang gubyernong Indones sa FRETILIN—sinalakay ng Indonesia ang East Timor. Idinahilan ng Indonesia ang paghingi ng “saklolo” ng maliliit na grupong maka-Indonesia at ang kaguluhang dala ng transisyon upang bigyang-matwid ang madugong pananalakay nito sa teritoryo.

Pumasok ang mahigit 40,000 sundalong Indones. Mahigit 60,000 (o 10% ng populasyon noon) ang agad na minasaker sa unang dalawang buwan pa lamang ng okupasyon. Noong Hulyo 1976, marahas na sinaklot ng Indonesia ang teritoryo.

Batas militar ang pinairal ng gubyernong Indones sa East Timor sa sumunod na 23 taon. Sa buong panahong ito, umabot sa 200,000 o sangkatlo ng populasyon ang pinatay sa pagtatangkang burahin ang lahing Timores sa teritoryo. Sa pagitan ng 1977 at 1979, ipinatupad ng gubyernong Indones ang malawakang *hamletting* upang putulin ang suporta sa FRETILIN na noo’y namumuno sa armadong paglaban. Libu-libong kababaihan, matanda at bata ang ikinulong, pinahirapan at ikinonsentra sa mga “kampo” kung saan sapilitan ang paggawa at marami ang namamatay dala ng sakit at matinding gutom. Pinaghiwa-hiwalay ang mga pamilya at maraming babae ang ginawang baog upang hindi na makapagluwal ng susunod na salinlahing Timores. Dagdag dito, ipinagbawal ang paglalakbay ng sinumang dayuhan sa teritoryo sa loob ng mahigit isang dekada.

Labas sa Australia, na pinangakuan ng Indonesia ng karapatang umangkin sa mayayamang deposito ng langis sa Dagat Timor, hindi kinilala ng United Nations (UN) at ng mga bansa sa ilalim nito ang awtoridad ng Indonesia sa East Timor. Ngunit dahil kontrolado ang UN ng mga imperyalistang bansang may “estrategikong” interes para suportahan ang anti-komunistang gubyernong Indones, hanggang pagbibitiw lamang ng maririing pagbatikos ang

**SA KABILA NG MGA  
KAHIRAPAN SA  
PAGSUSULONG NG  
REBOLUSYONARYONG  
PAKIKIBAKA, KABILANG  
NA ANG PAGDAKIP AT  
PAGBILANGGO KAY  
XANANA GUSMAO,  
LIDER-  
REBOLUSYONARYO NG  
FRETILIN AT FALINTIL,  
MASIGASIG NA  
SUMUSULONG ANG  
PAKIKIBAKA NG  
MAMAMAYANG TIMORES.**

*\*Dutch ang tawag sa mamamayan ng bansang The Netherlands.*

naging aksyon ng pandaigdigang organisasyon.

Ang pananalakay ng Indonesia ay sinulsulan ng imperyalismong US. Mga eroplanong pandigma at nakalalasong kemikal tulad ng *napalm* at Agent Orange na galing sa US ang ginamit ng armadong hukbong Indones sa pananalakay nito sa East Timor. Hanggang sa kasalukuyan, ang US ang pangunahing nagsasanay, nag-aarmas at tumutustos sa reaksyunaryong hukbong Indones. At ni minsan ay hindi iniatras ng US at ibang makapangyarihang bansa sa UN ang kanilang suporta sa pasistang pamahalaang Suharto.

Bunga ng pananalakay sa East Timor, hindi lamang napasakamay ng papet na rehimeng Indones ang likas na yaman ng teritoryo, tumayo rin ito bilang sentro ng anti-komunismo sa Timog-Silangang Asya.

### **...kasaysayan ng pakikipaglaban**

Simula't sapul, hindi nanahimik ang mamamayang Timores. Sa buong kasaysayan nito, hindi nagapi ang kanilang hangarin para sa isang malaya at demokratikong East Timor.

Matagumpay na itinaboy ng libu-libong mamamayang Timores ang mga sundalong Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Matapos nito, kasama ng iba pang mamamayan sa buong kapuluan, kumilos ang mamamayang Timores upang pabagsakin ang kolonyal na kapangyarihang Portuges sa kanilang isla noong dekada '50.

Nang napaalis ang kolonyalistang Portuges, itinatag ng FRETILIN noong 1975 ang FALINTIL (Pambansang Hukbo para sa Pagpapalaya ng East Timor). Sa pamamagitan ng pakikidigmang gerilya, unti-unti nitong ginapi ang armadong hukbong Indones at ipinundar ang independyenteng kapangyarihang pampulitika.

Nabuo ang malawak na pagkakaisa ng mamamayang Timores laban sa pananakop ng Indonesia. Dagdag sa FRETILIN na kumatawan sa iba't ibang inaaping sektor at uri ng lipunang Timores, nakipagkaisa ang iba pang partido tulad ng UDT (Unyon ng Demokratikong Timores) at mga organisasyon tulad ng RENETIL, ang pinakamalaking organisasyon ng mga mag-aaral sa East Timor. Ang pakikibaka ng mamamayang Timores ay umani ng malawak na suporta at simpatya mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Sa kabila ng mga kahirapan sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka, kabilang na ang pagdakip at pagbilanggo kay Xanana Gusmao, lider-rebolusyonaryo ng FRETILIN at FALINTIL, masigasig na sumusulong ang pakikibaka ng

mamamayang Timores. Ang mapanlinlang na alok na "espesyal na awtonomya"ng gubyernong Indones ay matatag na hinaharap ng nakikibakang mamamayan ng East Timor. Noong nakaraang Pebrero, nagbigay-direktiba si Xanana Gusmao sa FALINTIL na muling simulan ang armadong pakikidigma nito bilang pagdepensa sa mamamayan laban sa pag-igting ng pasistang pananalakay ng gubyernong Indones.

### **Suportahan ang pakikibakang Timores!**

Lubos na sinusuportahan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pakikibaka ng mamamayang Timores laban sa pananakop ng gubyernong Indones. Kaisa nila ang Partido sa pagtataguyod ng kanilang hangad na kalayaan at demokrasya. Nakikipagkaisa rin ang PKP sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa henosidyong isinasagawa ng armadong hukbong Indones sa panunulsol ng lokal na reaksyunaryong uri at imperyalismong US. Kaugnay nito, iginigiit ng PKP ang kagyat at ganap na pagpapalaya kay Xanana Gusmao at ng iba pang rebolusyonaryong mandirigma at lider na matagal nang ipiniit ng reaksyon.

Kailangang papanagutin ang gubyernong Indones at amo nitong imperyalismong US sa walang pakundangang pagpatay, pagpapahirap at pagkulong sa mga Timores. Nananawagan ang PKP sa mamamayan ng East Timor na ibayong paigtingin ang pakikibaka, laluna ang armadong pakikibaka, laban sa gubyernong Indones at gayundin sa imperyalismong US sa lahat ng larangan.

Naniniwala ang PKP na kailangang paunlarin at tulungan ang mga kilusang mapagpalaya ng mamamayan at bansa sa Ikatlong Daigdig laban sa imperyalistang pandarambong. Kailangan ding tutulan ang lahat ng anyo at paraan ng imperyalistang panghihimasok. Tiwala ang PKP na sa tuluy-tuloy at sama-samang paglaban ng mamamayang inaapi sa Asya-Pasipiko, tiyak na magagapi ang dominasyon ng imperyalismong US sa rehiyon. **AB**

---

**NANINIWALA ANG PKP  
NA KAILANGANG  
PAUNLARIN AT  
TULUNGAN ANG MGA  
KILUSANG  
MAPAGPALAYA NG  
MAMAMAYAN AT BANSANG  
SA IKATLONG DAIGDIG  
LABAN SA  
IMPERYALISTANG  
PANDARAMBONG.  
KAILANGAN DING  
TUTULAN ANG LAHAT  
NG ANYO AT PARAAN  
NG IMPERYALISTANG  
PANGHIHIMASOK.**

---





## Sa Cagayan-Apayao

**P**atuloy ang pag-unlad ng gawaing masa at ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan, lunsod at mga sentrong bayan ng Cagayan-Apayao. Ihinayag ito sa komunike ng Komite ng Partido sa rehiyon matapos ang kumperensya nito sa paglalagom na ginanap noong kalagitnaan ng 1998.



Tinukoy sa kumperensya ang malaking naitulong ng gabay na binalangkas noong 1995 ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite sa

Rehiyon (KTKR) para sa pagsisiyasat sa konsolidadong baryo, sa binabalikang baryo at sa baryong target sa pagpapalawak.

Nagsilbing mabisang armas ang resulta ng mga panlipunang pagsisiyasat sa pagtatakda ng linya at panawagan sa mga kampanyang masa at sa gawaing propaganda.

Bunga ng ganitong mga pagsisikap, sumusulong ang mga antipyudal na pakikibaka na umaani ng mga tagumpay para sa masang magsasaka sa mga sonang gerilya. Ayon sa mga ulat, naibaba nang 25% ang upa sa lupa at ilang porsyento rin ang nabawas sa interes sa pautang sa ilang baryo. Naitaas ang sahod ng mga manggagawang bukid at naharap ang ilang problema sa lupa sa pagitan ng mga mamamayan. Bumabangon na ang mga organisasyong masa na nagbubuo ng mga pangkat-tulungan upang mapagaan ang gastos ng mga magsasaka sa pagpapatrabaho.

Patuloy na naglulunsad ng mga pakikibakang masa laban sa militarisasyon, iligal na pagtotroso at mga tiwaling burukrata sa mga konsolidadong baryo ng rehiyon.

Naitatayo o napapamunuan ang mga ligal na organisasyon sa baryo na siyang daluyan ng mga ligal na pagkilos ng masa. ▶

## Sa Silangang Kabisayaan


**M**atagumpay na idinaos noong Marso ang panrehiyong kumperensya ng Partido sa Silangang Kabisayaan. Ayon sa **Larab**, ang pahayagang masa sa rehiyon, ang kumperensya na tumagal nang 14 na araw ay dinaluhan ng 45 delegado at 11 tagamasid. Ang mga nagsidalò ay mula sa mga namumunong organo at mga kadreng panrehiyon na kumakatawan sa 14 na mayor na linya ng gawain.

Inaprubahan ng kumperensya ang panrehiyong panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri at ang tatlong-taong programa ng Partido sa Silangang Kabisayaan. Inihalal din ang bagong komiteng panrehiyon.

Bunga ng kumperensya, taglay ng Partido sa rehiyon ang mas mataas na antas ng konsolidasyon sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Pinakamahalaga rito ang konsolidasyon sa ideolohiya ng buong organisasyon ng Partido sa Silangang Kabisayaan sa batayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Anang **Larab**, dahil sa matibay na pagkakaisang ito, handa ang pamunuan at kasapian ng Partido sa Silangang Kabisayaan na harapin ang mas mabibigat na gawain at mas malalaking laban. Taglay nila ang mataas na antas ng rebolusyonaryong optimismo—

*sundan sa pahina 22*

Ang Rehiyon ng Silangang Kabisayaan







Walang puknat ding inilantad at tinutulan ang karahasang militar at sapilitang pagpapalikas ng mga taumbaryo sa Marag Valley. Kabilang sila sa libu-libong pinalikas dahil sa malakihang operasyong militar noong unang bahagi ng dekada '80. Ipinagpatuloy ang kampanya hanggang sa makabalik na ang masa sa kanilang lugar at bahayan.

Naging tuluy-tuloy ang gawaing propaganda. Bukod sa mga rebolusyonaryong babasahin, namaksimisa ang ligal na masmidya bilang daluyan ng paninindigan at panawagan ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon hinggil sa General Agreement on Tariffs and Trade (GATT), mga dagdag na buwis na pabigat sa bayan tulad ng EVAT, ang Anti-terrorism Bill, pagtaas sa presyo ng langis, ang krisis sa bigas at iba pang usapin. Gayundin, binatikos ang lansakang pagpapabaya ng pamahalaang pamprubinsya ng Cagayan sa kapakanan ng maliliit na mangingisda. Inilantad ang sabwatan ng noo'y gobernador ng Cagayan na si Kol. Rodolfo Aguinaldo sa ilegal na pangingsda ng malalaking mangingisdang Taiwanese at sa laganap na pagpupuslit ng ipinagbabawal na droga at iba pang kontrabando sa mga baybayin ng lalawigan.

Sa lunsod at sentrong bayan, nakapagkamit na ng makabuluhang pag-unlad ang gawaing masa at ang demokratikong kilusang masa. Di tulad ng dati ay binibigyang-pansin na ang konsolidasyon sa ideolohiya ng mga kasapi ng mga hayag at lihim na organisasyong masa.

Malawak-lawak na ang erya at sektor na naabot ng gawaing masa sa puting purok sa rehiyon. Naabot na ang mga kabataan-estudyante, kabataan sa baryo, magsasaka, kababaihang magbubukid, mga taong simbahan, propesyunal at kawani ng guberno at mga pambansang minorya. Mula noong 1997, may naitala nang paglaki sa bilang ng mga kasapi ng Kabataang Makabayan at mga organisadong guro sa eskwelahan na kaanib ng rebolusyonaryong kilusang lihim. Kasalukuyang pinaunlad

ang pagbubuo ng mga hayag na organisasyon at pagkilos sa mga tradisyunal na organisasyong sektoral.

Sustenido ang mga mobilisasyong masa tulad ng mga rali at porum. Isang mahusay na karanasan ang pagtatalumpati at paglulunsad ng palabas pangkultura (*mobile theater*) ng mga *mobile prop team* sa mga kabayanan at tuwing *dapon* (araw ng tiangge sa palengke).

Itinaguyod rin ng demokratikong kilusan sa lunsod at sentrong bayan ang mga pakikibakang magbubukid laban sa pang-aagaw sa kanilang lupa at iba pang isyu.

Samantala, nitong huling mga taon ay tumagos na sa puting purok ang oryentasyon ng pagsuporta sa armadong pakikibaka. Marami-rami nang kadre at kasapi ng Partido ang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Gayundin, may naabot nang isang antas ng kamulatan sa pagsuporta sa iba't ibang pangangailangan ng armadong pakikibaka sa kanayunan. **AB**

## 21<sup>ST</sup> IB, PINATALSIK SA ISABELA

Tanda ng patuloy na pag-unlad ng mahigpit na koordinasyon ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan at mga sentrong bayan, nitong ikatlong linggo ng Pebrero ay matagumpay na napatalsik ng mamamayan ng Isabela ang abusadong 21st IB. Ang 21st IB na sangkot sa maraming kaso ng pagpaslang, panggagahasa, pagnanakaw, arson at iba pang paglabag sa karapatang-tao, ay pinangalanang "Best Battalion" ng Armed Forces of the Philippines noong Disyembre 1998.

Ang matagumpay na pagpapalayas sa pusakal na batalyon ay kulminasyon ng serye ng mga pakikibakang masa mula pa noong Nobyembre. Libu-libong batayang masa sa kanayunan at mga panggitnang pwersa sa mga sentrong bayan ang kumilos upang mailantad ang militarisasyon at paglabag sa karapatang-tao sa rehiyon. Rurok ng kampanya ang isang martsa-demonstrasyon ng libu-libo sa Lunsod ng Santiago sa Isabela noong Disyembre 5. **AB**



mula sa pahina 19

ang taimtim na paninindigang isulong ang rebolusyon sa mas mataas na antas upang kamtin ang ibayo pang tagumpay.

Patunay ng patuloy na pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang serye ng matatagumpay na opensiba sa armadong pakikibaka at kilusang masa:

**Marso 22.** Namula ang mga pader at gusali sa lunsod ng Tacloban nang ipininta ng mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) ang mga islogang “Isulong ang Rebolusyon” at “Kabataan, Sumapi sa Digmang Bayan”.

**Marso 14.** Isang elemento ng Citizens’ Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ang sumuko sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay Gihulgan, Pambujan, Northern Samar. Si Romeo Morado, isang CAFGU sa ilalim ng 19th IB ay sumuko matapos niyang patayin si Edner Cabides, isang abusadong CAFGU na may utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan. Isinuko rin ni Morado sa mga Pulang mandirigma ang dalawang M14, limang magasin at 62 bala.

**Marso 9.** Dalawang sundalo ng 19th IB ang pinarusahan sa isang operasyong isparo na isinagawa ng mga magsasakang kasapi ng milisyang bayan. Dalawang M16 ang nakumpiska sa taktikal na opensibang ginanap sa Barangay Cabatuan, Palapag, Northern Samar.

**Pebrero.** Isang elemento ng Maritime Police ang inagawan ng pistolang .45 ng mga magsasakang kasapi ng rebolusyonaryong organisasyong masa sa Salvacion, San Isidro, Northern Samar. Agad na ibinigay ang .45 sa mga Pulang mandirigma.

**Disyembre 1998.** Dinisarmahan ng BHB ang ilang masasamang elemento sa Barangay Happy Valley, San Isidro, Northern Samar. Isang .357 at dalawang .38 ang kinumpiska mula sa kanila.

Sa huling bahagi rin ng 1998, matagumpay na inilunsad ng milisyang bayan sa Las Navas at

Catubig, Northern Samar ang “Operation Bawi” laban sa mga mangangalabaw sa baryo. Limang ninakaw na kalabaw ang nabawi at naibalik sa mga may-ari.

Matagumpay ding idinaos noong Disyembre 26-31 ang isang kampanyang propaganda sa mga sonang gerilya sa Can-avid, Eastern Samar. Sa serye ng mga pulong masa na inilunsad sa tulong ng milisyang bayan, mahigit 600 magbubukid mula sa apat na baryo at sityo ang nanood ng pelikulang “Resurgence” (Muling Pagsulong). Ang pelikula na produksyon ng National Democratic Front ay naglalarawan ng muling pagbangon ng rebolusyonaryong kilusan sa gabay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Lubos itong ikinagalak ng masa sa mga baryong binabalikan ng BHB dahil nakita nilang matatag pa ring sumusulong ang rebolusyonaryong kilusan.

**Nobyembre-Disyembre 1998.** Mahigit 500 manggagawang bukid mula sa 18 baryo sa Northern Samar ang naglunsad ng matagumpay na anti-pyudal na pagkilos. Sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos, naigiit ng mga magsasaka sa panginoong maylupa na umentuhan ang kanilang sahod nang P10 (mula P25-P30 hanggang P35-P40 bawat araw).

Samantala, ibayong napaghusay ng mga Pulang mandirigma sa Silangang Kabisayaan ang kanilang kakayahang magsulong ng pakikidigmang gerilya nang maglunsad ng serye ng mga kurso

sa pagsasanay sa gawain sa pulitika at militar. Bago natapos ang taon, 79 treyni mula sa dalawang larangang gerilya sa Samar ang dumalo sa dalawang magkasunod na pagsasanay. Kabilang dito ang isang iskward ng milisyang bayan. Sa Southern Leyte, 39 na Pulang mandirigma rin ang nagsanay noong Setyembre.

Ang lahat ng ito ay hakbang pasulong para sa rebolusyonaryong kilusan di lamang sa Silangang Kabisayaan kundi sa buong kapuluan. **AB**

**HANDAANG PAMUNUAN  
AT KASAPIAN NG  
PARTIDO SA SILANGANG  
KABISAYAAN NA HARAPIN  
ANG MAS MABIBIGAT NA  
GAWAIN AT MAS  
MALALAKING LABAN.  
TAGLAY NILA ANG  
MATAAS NA ANTAS NG  
REBOLUSYONARYONG  
OPTIMISMO - ANG  
TAIMTIM NA  
PANININDIGANG ISULONG  
ANG REBOLUSYON SA  
MAS MATAAS NA ANTAS**



# Ubos- kayang labanan ang VFA!



**M**insan pang pinatunayan ng rehimeng Estrada ang sagad-sa-butong pagkapapet nito sa imperyalismong US at walang pakundangang paglapastangan sa pambansang soberanya at kapakanan. Noong Mayo 27, sa pakikipagsabwatan ng Malakanyang at ng Senado, niratipikahan ang Visiting Forces Agreement (VFA). Labing-walong senador ang nagkanulo sa pambansang interes at bumoto para rito. Samantala, limang mambabatas—sina Teofisto Guingona, Loren Legarda, Sergio Osmeña III, Aquilino Pimentel Jr. at Raul Roco—ang hindi sumang-ayon sa kasunduan.

Dahil sa ratipikasyon, at sa dati nang umiiral na Military Defense Treaty, malaya na muling makapaglulunsad ng mga malakihang ehersisyong militar ang mga tropang militar na Amerikano sa teritoryo ng bansa. Ang mga sundalong Amerikanong makagagawa ng krimen habang sila'y narito ay hindi mananagot sa mga batas ng Pilipinas. Ang mga daungan at paliparan ng bansa ay magmimistulang pag-aari ng imperyalismong US. Malaya nang pumasok at lumabas dito ang mga tropa at gamit pandigma, kabilang na ang mga sandatang nukleyar, nang hindi nirerekisa at walang binabayaranang buwis o taripa. Sa madaling sabi, ang anumang bahagi ng teritoryo ng Pilipinas ay maaaring gawing baseng pandigma ng imperyalismong US anumang oras. At bilang tahasang pagsuko ng soberanya ng bansa, ang mga sundalong Amerikanong makagagawa ng krimen habang sila'y narito ay hindi mananagot sa mga batas ng Pilipinas.

Malaon nang inaasahan ang pagratipika ng papet na gubernong Estrada sa VFA. Kasabwat ang US, naglunsad ng kampanya sa masmidya na labis na nagpalaki sa usapin ng pinag-aagawang mga isla ng Spratly. Ito'y upang lumikha ng takot hinggil sa diumano'y banta na sasalakayin ng Tsina ang Pilipinas at bigyang-matwid ang pagiging payong panseguridad raw ng VFA kapag nangyari ito. Pati pinuno ng grupong relihiyosong El Shaddai at isang artista sa pelikula ay ginamit upang linlangin ang bayan hinggil sa diumano'y mga benepisyong makukuha sa kasunduan.

Subalit hindi nagpalinlang ang mamamayan.

Ilang linggo bago nagbotohan sa Senado, lalong pinaigting ng mga militante at makabayang organisasyon

## Pahayag hinggil sa Visiting Forces Agreement

ni Gregorio "Ka Roger" Rosal  
Tagapagsalita, Partido Komunista ng Pilipinas  
25 Mayo 1999

**I**sa lamang ang dapat na tugon kapag naratipikahan ang Visiting Forces Agreement (VFA) sa pamamagitan ng pagsasabwatan ng Malakanyang at Senado: ang lalong pagpapaigting ng armadong pakikibaka, mga protesta at pakikibakang masa at iba pang anyo ng pakikibaka para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Ang VFA ay walang pakundangang paglapastangan sa pambansang soberanya at kapakanan. Tungkulin ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa at lahat ng tunay na Pilipino na ubos-kayang labanan ito.

Bukod pa, isasadlak nito ang bansa sa kahiya-hiya at kasumpa-sumpang katayuan ng instrumento ng imperyalistang patakaran, pananalakay at pananakop sa Asya at Pasipiko.

**Kaya** ang ratipikasyon nito ay deklarasyon ng GRP, ng rehimeng Estrada laluna, ng lubos na kawalan ng interes na lutasin ang mga saligang suliranin ng bayan at ang mga saligang ugat ng digmaang sibil sa bansa sa balangkas ng mga prinsipyo ng pambansang soberanya, demokrasya at hustisyang panlipunan.

**Kaya** ang ratipikasyon nito ay paglalagay ng isa na namang balakid sa pagkakamit ng tunay, matagalan, makatarungan at mapagpalayang kapayapaan sa bansa.

**Sa gayon**, wasto lamang at matatag na sinusupportahan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ang deklarasyon ng NDF na ideklara ang pagtatapos ng negosasyong pangkapayapaan ng GRP at NDFP kapag niratipikahan ng Senado ang Visiting Forces Agreement.

**Alinsunod rito**, taimtim na nangangako ang Partido at BHB na lalong ibubuhos ang buong lakas nito para paigtingin ang digmang bayan at papanagutin ang mga reaksyunaryo at tuta ng imperyalismo sa kanilang kataksilan sa bayan. **AB**

ang kanilang mga pagkilos laban sa VFA. Isang serye ng mga rali, piket at iba pang anyo ng protesta ang inilunsad sa harapan at sa loob mismo ng Senado. Sa isang pagkakataon, tinangkang supilin ng mga maka-VFA na senador ang pagpapahayag ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas nang ipakulong nila ang mga lider nito.

Noong Mayo 5, ang mga militanteng kababaihan sa pamumuno ng GABRIELA ay nagkapit-kamay upang ►

**DEPENSIBA, NAITRANSORMA SA  
TAGUMPAY**

Sa kabila ng kanilang depensibang kalagayan, nakapangibabaw ang mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang kubkubin ng kaaway ang kanilang hinihimpilan noong hapon ng Hunyo 16 sa Barangay Dominga, Calinan, Lunsod ng Davao. Pitong sundalo ang napaslang nang lumaban ang mga Pulang mandirigma sa sumalakay na mga elemento ng "Alpha" Coy ng 73rd IB ng Philippine Army. Anim na tropa rin ang sugatan samantalang anim pa ang nagtamo ng iba't ibang pinsala sa katawan.

Ayon sa pahayag ng Merardo Arce Command, agad na nabawian ng buhay ang dalawang Pulang mandirigma nang matunton ng mga militar ang binabasehan ng BHB. Pagkatapos ng unang bugso ng putukan, mabilis na naagaw ng BHB ang paborableng pusisyon at nakapaglunsad ng kontra-opensiba. Sa labis na pagkagulantang, ang namuno sa mga sumalakay na tropa na si 2Tin. Dominic Baluga, ay tumalilis at iniwan ang kanyang mga tauhan sa kalagitnaan ng labanan.

**MGA AMBUS INILUNSA SA  
COMPOSTELA VALLEY**

Apat na elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) at isang sundalo ang napatay sa dalawang magkahiwalay na ambus ng

Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Compostela Valley ngayong Hunyo.

Tatlong CAFGU na kabilang sa isang nagpapatrulyang tim ang napaslang nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Libulon, bayan ng Mabini noong umaga ng Hunyo 27.

Bago nito, isang CAFGU at isang sundalo ang napaslang nang ambusin din ng mga Pulang mandirigma noong Hunyo 1 ang isang nagpapatrulyang *composite unit* ng Philippine Army at CAFGU sa bayan ng Laac. Pinaputukan ng isang *blocking force* ng BHB ang mga ipinadalang tropang *reinforcement* ng kaaway.

**PICOP, DETATSMENT NG AFP  
NIREYD NG BHB**

Tatlong magkakasunod na taktikal na opensiba ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Surigao del Sur nitong Mayo. Sinalakay ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng 29th IB sa bayan ng Doña Carmen noong Mayo 23 at nakakumpiska ng tatlong M16, tatlong karbin at isang *handheld radio*. Bago nito, nireyd ng BHB ang pabrika ng PICOP Resources Inc. sa kalapit na bayan ng Bislig noong Mayo 19 at sinunog ang ►

◄ bumuo ng *human chain* mula sa embahada ng US hanggang sa Senado.

Noong bisperas ng botohan, naglunsad ng *protest caravan* ang mga militanteng organisasyon mula sa Kamaynilaan, Timog Katagalugan, Hilaga at Gitnang Luzon para ipahiwatig ang matibay na pagkakaisa ng mamamayan laban sa VFA.

Noong Mayo 27, nagtipun-tipon sa harapan ng Senado ang mga sumali sa *protest caravan* mula sa iba't ibang rehiyon upang manindigan para sa pambansang kalayaan. Kasabay nito, naglunsad rin ng mga kilos protesta ang mga militanteng grupo sa mga mayor na syudad sa Kabisayaan at Mindanao.

Maging mga konserbatibong lider ng maimpluwensyang


simbahang Katoliko ay nakihanay sa nagpoprotestang mamamayan. Sa isang pahayag, nanawagan ang arsobispong Katoliko na si Jaime Cardinal Sin sa mga senador na ibasura ang VFA. Aniya, ang VFA ay hindi kasangkapan ng, kundi banta sa, kapayapaan. Nagpahayag din ng pagtutol sa VFA ang Catholic Bishops Conference of the Philippines. Libu-libong mamamayan mula sa iba't ibang parokya ng Maynila ang namobilisang dumalo sa rali sa harap ng Senado.

Sa pagkakarati-pika ng VFA, nangako ang mga progresibo at militanteng grupo na hindi nila tatantanan ang kanilang paglantad at pagtutol sa mga gagawing pagsasanay-militar ng mga tropang Amerikano at sa iba pang akto ng agresyon at panghihimasok ng imperyalistang US sa bansa. AB

ilang makinarya ng kumpanya. Pitong araw bago ang reyd sa pabrika, tinambangan din sa Bislig ng mga gerilya ng BHB ang isang grupong kabilang sa pribadong hukbo ng PICOP. Isang myembro ng PICOP *security force* ang napatay sa ambus.

Ang PICOP na may 195,000-ektaryang kunsesyon sa hangganan ng apat na prubinsya sa Mindanao ang pinakamalaking korporasyon sa Asya na nagmamamupaktura at nag-eksport ng *plywood* at mga produktong papel at nagsasagawa ng *industrial tree farming*. Ang tatlong taktikal na opensiba ay inilunsad ng BHB bilang pagpaparusa sa korporasyon at sa 29th IB dahil sa marahas

nilang paniniil sa karapatan ng mga manggagawa ng PICOP. Noong 1998, nagsabwatan ang PICOP at ang 28th at 29th IB upang supilin ang welga ng mga manggagawa. Ginamit din ng PICOP ang Special Civilian Auxiliary Army na nagsisilbing *security force* at pribadong hukbo nito at umupa ng mga bayarang mamamatay-tao.



### **MGA TAKTIKAL NA OPENSIBA, SUMUSULONG SA TIMOG KATAGALUGAN**

Limang myembro ng isang *private army* at apat na sundalo ang napatay samantalang tatlong tropa ang sugatan sa tatlong magkahiwalay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Timog Katagalugan nitong Mayo at Hunyo.

Limang *security guard* ng Golden Country Farms Inc. (GCFI) ang napaslang nang tambangan sila ng mga gerilya ng BHB sa Barangay Balansay, Mamburao, Occidental Mindoro nitong Hunyo 10. Ang mga *security guard* ay nagsisilbing private army ng despotikong panginoong maylupa na si Ricardo Quintos, may-ari ng 7,000-ektaryang GCFI. Si Quintos, sampu ng kanyang mga gwardya ay sangkot sa mga kasong pagpatay, pang-aagaw ng lupa, pananakot at iba pang abuso laban sa masang magsasaka ng Mamburao.

Dalawang tropa naman ang napaslang nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo ng 76th IB sa haywey sa Barangay Walay,

Padre Burgos, Quezon nitong Mayo 25. Lulan ng isang Kennedy-type na dyip ang mga sundalo nang tumama ang kanilang sasakyan sa *land mine* na inilatag ng mga gerilya. Dalawang sundalo rin ang nasugatan dito.

Bago nito, isa pang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan nang tambangan ng BHB ang isang tim ng 31st IB na nagsasagawa ng *combat patrol* sa Barangay Biga, Gumaca, Quezon.

Samantala, sinalakay din nitong Mayo ng mga gerilya ng BHB ang isang detatsment ng Philippine Army sa Sityo Ilayang Crossing, Barangay Sayao, Mogpog, Marinduque. Ang reyd ay isa sa mga pinakaunang taktikal na opensiba ng BHB sa lalawigan.

### **AMBUS, PAGPAPARUSA INILUNSA SA SARANGGANI AT NORTH COTABATO**

Isang abusadong elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ang patay at tatlong sundalo ang sugatan sa tatlong magkahiwalay na taktikal na opensibang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Saranggani at North Cotabato nitong Hunyo.

Malubhang nasugatan ang isang korporal nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ang mga elemento ng 25th IB nitong Hunyo 27 sa Barangay Matbol, Maasin, Saranggani. Nagpapatrulya ang mga sundalo nang ambusin sila ng BHB. Isang linggo bago nito, pinadugo na rin ng mga Pulang mandirigma ang naturang batalyon nang masugatan ang dalawa nitong elemento sa isa pang ambus.

Pinarusahan naman ng isang tim ng BHB ang CAFGU na si Rommelson Puig sa Barangay Balite, Magpet, North Cotabato noong Hunyo 20. Sakay si Puig ng isang motorsiklo nang tambangan siya ng mga gerilya ng BHB. Kabilang siya sa 206th Special Forces Team, isang *composite group* ng mga sundalo at CAFGU na nakatutok sa "counter-insurgency" at responsable sa maraming kaso ng paglabag sa karapatang-tao.





## ESPIYANG PULIS, PINARUSAHAN NG BHB SA MISAMIS ORIENTAL

Pinarusahan ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang isang elemento ng Philippine National Police (PNP) na aktibo sa paniniktik sa Salay, Misamis Oriental noong Mayo 30. Sa isang operasyong isparo, pinarusahan si SPO2 Antonio Terro Jr., isang *intelligence operative* ng PNP. Kasama niyang napaslang sa operasyon ang *barangay captain* ng Barangay Looc, Salay na si Loreto Tagarda. Si Tagarda ay sangkot din sa mga kontra-rebolusyonaryong aktibidad sa Misamis Oriental.

## CAFGU TINAMBANGAN, MEYOR, MGA PULIS DINISARMAHAN SA AGUSAN SUR

Limang matataas na kalibreng armas at iba pang gamit militar ang nadagdag sa arsenal ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa dalawang magkahiwalay na taktikal na opensiba sa Agusan del Sur nitong Mayo at Hunyo.

Dalawang elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ang napatay nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ang isang *composite force* ng 36th IB at CAFGU sa Barangay Oromica, bayan ng Esperanza nitong Hunyo. Dalawang M14 ang nasamsam sa naturang ambus.

Bago nito, dinisarmahan ng mga gerilya ng BHB ang isang abusadong meyor at dalawang elemento ng Philippine National

Police nitong Mayo sa bayan ng La Paz. Dalawang M16, mga bala ng Armalayt, isang .38, isang *handheld radio* at isang *radio base* ang nasamsam mula sa bahay ni Meyor Rufino Torralba ng naturang munisipalidad. Nireyd rin ang mga kalapit na bahay nina SPO4 Honorio Campus at SPO2 Jorge Plana at nasamsam ang isa pang M16.



## AMBUS, REYD INILUNSA SA HILAGANG LUZON

Isang sundalo ang patay at tatlo ang sugatan sa ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) laban sa mga elemento ng 22nd Special Forces Coy ng 3rd Special Forces Battalion ng Philippine Army. Ang pananambang ay inilunsad noong Hunyo 21 sa Barangay Mainit, Bontoc, Mountain Province.

Bago nito, nireyd ng BHB nitong Hunyo 10 ang "Pulisya ti Umili No. 5", isang *sub-station* ng Philippine National Police sa Barangay Pilitan, Tumauini, Isabela. Nakakumpiska ang mga Pulang mandirigma ng dalawang *bandolier* na puno ng mga bala ng Armalayt, mga unipormeng *fatigue* at iba pang gamit militar.

## DALAWANG PUSAKAL NA PULIS, PINARUSAHAN SA NUEVA ECIJA

Magkasunod na ginawaran ng rebolusyonaryong hustisya ang dalawang elemento ng Philippine National Police sa Nueva Ecija na may utang na dugo sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Ayon sa **Lingkaw**, rebolusyonaryong pahayagang masa sa lalawigan, pinarusahan si SPO1 Jose Ordinario sa Barangay Tayabo, Lunsod ng San Jose noong Marso 15. Bago nito, pinarusahan din si SPO4 Leodegario Maiquez sa Barangay San Pedro, Lupao noong Marso 14. Si Ordinario ay responsable sa pagpaslang sa isang lider magsasaka noong 1990. Samantala, si Maiquez ang pumatay sa dalawang taga-Lupao at sangkot sa pamamaslang sa isa pang taga-Cuyapo. Lider din siya ng "akyat-bahay gang" na nambibiktima sa mamamayan ng hilagang Nueva Ecija at talamak din siyang mangongotong sa mga tindera at mga drayber ng traysikel.